

PAANO BA AKO MAKAPANANAGUMPAY?

 Iyukod natin ang ating mga ulo para sa panalangin.

Aming Ama, pinasasalamatang Ka namin, sa umagang ito, para dito sa labis na kasiya-siyang sandali ng pagsasama-samang muli, at sa pagbubukas ng Salita ng Panginoon, na inilalatag Ito rito sa aming harapan. At—at may taglay na panalangin ngayon, na kukunin iyan ng Espiritu Santo na siyang Diyos, at ihahatid Ito sa amin, upang magawa naming lisanin ang dakong sambahan na ito sa araw na ito na may masayang mga puso na puno ng kagalakan. Ang makita ang Iyong dakilang kapangyarihan ng pagliligtas, Panginoon, kung paanong inililigtas nito ang mga bihag at pinalalaya sila, ipinababatid sa amin “ang mga bagay na nakalipas, at kasalukuyan, at darating.” At sadyang pinasasalamatang Ka po namin para sa mga bagay na ito.

² Dalangin namin na pagpapalain Mo kami habang pinagaaralan namin ang Iyong Salita ngayon nang magkakasama. At sa aming pag-alis, masabi nawa ito sa aming mga puso, habang kami’y payaon sa daan, “Nangag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang Siya, ang Banal na Espiritu, ay nangungusap sa atin habang tayo’y nasa daan.”

³ Pagpalain Mo po ang bawat ministro ngayon, sa lahat ng dako, ang Iyong mga lingkod na naninindigan para Dito, sa Iyong Katotohanan. Tugunin Mo po ang kanilang mga panalangin para sa mga maysakit. Pagalingin ang mga katawang may sakit niyaong mga nahihirapan.

⁴ Panginoon, hihilingin po namin na Ikaw ay paparoon sa kalagitnaan ng mga tao at hahanapin ang itinalagang binhing iyon doon, Panginoon, at dalhin ito, sa isang kung ano mang paraan, upang tumama ang Liwanag sa landas, Panginoon. Sapagkat, naniniwala kami na nahuhuli na ang oras, mabilis na lumulubog ang araw sa kanluran, kung magkagayo’y di na magtatagal na “matatapos na ang panahon.” Ang panahon at ang Walang Hanggan ay magsasama na kapag ang Diyos at ang Kanyang bayan ay nagsasama-sama na. At dalangin namin, Diyos, na, sa oras na ’yon, na mapapabilang kami doon sa mga makakasama kay Cristo, na tinatawag na Nobya Niya.

Tulungan Mo po kami, sa araw na ito, habang kami’y naghahanda, na hindi nalalaman kung ano ang ilalaan ng bukas, subalit handa kaming tanggapin ang anuman, Panginoon, sa abot ng aming nalalaman, na inilaan Mo para sa amin.

Nakahanda po kaming tanggapin Ito. Hinihiling namin ang pagpapalang ito para sa kaluwalhatian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Talagang masaya ako, ngayong umaga, nang pumasok ako at nakita na ang—ang mga tao’y sama-samang nagkatipon para sa gawain ng Panginoon. At magbibigay na kami ngayon ng anunsiyo para mamayang gabi. Magkakaroon ng gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Mananalangin kami para sa mga maysakit, mamayang gabi. Kani-kanina lang, sila . . .

⁶ Habang papasok ako, si Billy, ’yung anak ko, ay sinabi sa akin, sabi, “May isang—isang ginoo po dito, na isang mahirap lang na tao na nagbiyahe pa mula sa malayo.” At sabi, “Ako—dinala ko po siya sa kuwarto, ’Tay.”

⁷ Ako—gabi na akong nakauwi kagabi, at—at hindi gaanong nakapag-aral tungkol sa pang-Sunday school na paksa na tatalakayin ko sana, ngayong umaga. Kaya kumuha ako ng ilang mumunting tala na nakuha ko mula sa narinig kong sinabi ng isang kapatid na lalaki, at kumuha mula doon ng isang teksto, para medyo magkaroon ng pang-Sunday school na aralin ngayong umaga; at habang gumagawa tayo ng preparasyon, at naghahanda para sa panggabing gawain.

⁸ At sinabi ni Billy, “May isang lalaki doon sa loob na may sakit.” Sabi, “Ako—ako—sana po puntahan n’yo at tingnan siya.” Kaya, nagpunta ako sa kuwarto ngayon-ngayon lang. At ang isang kapatid na lalaking mga kasing-edad ko, at ang kanyang maybahay, ay nakaupo doon. At bumaba ang Espiritu Santo sa aming kalagitnaan sa kuwartong iyon ngayon-ngayon lang.

⁹ Isipin lang, binabanggit pa lamang ang gawaing pagpapagaling, at hayun na Siya. Kita n’yo? At sinabi Niya sa kapatid na lalaking ito ang lahat ng tungkol sa kanyang ginawa, at kung ano ang kanyang ginagawa, at kung ano ang naging sanhi ng kanyang sakit, at kung tagasaan siya, at lahat ng tungkol sa kanya. At may isang napakadilim na aninong nakalutang sa kuwarto. Pagkatapos ay nagsimulang lumiwanag, nang lumiwanag, nang lumiwanag, nang lumiwanag, pagkatapos ay nanguna na ang Espiritu Santo.

¹⁰ Ngayon, sa palagay ko ang naturang lalaki ay nasa . . . sa kung saan dito sa likuran ngayon. Siya at ang kanyang maybahay ay hindi marahil makapasok sa gusali, pero sinabi nilang mananatili pa rin sila, ganun pa man, para sa gawain. Nanggaling pa sila buhat doon, sa malapit sa Yakima, Washington, at nagbiyahe. At isa siyang ministro ng Ebanghelyo.

Pero ang makita lamang ang biyaya ng—ng Diyos doon! Kung saan, nanggaling na sa pagamutan ang lalaki at nagkaroon na ng mga paggamot at lahat na. Ipinahahayag ng Espiritu

Santo ang lahat ng ito. Gayong, sinisikap nang husto ng mga doktor na gawin ang lahat ng makakaya nila, marahil, para sa lalaki, subalit kinailangan lamang nito yaong isang tiyak na munting hipo mula sa Diyos, upang baguhin ang sitwasyon. Ayos lamang ang mga panggising na panggagamot, pero ito’y para bang ’yung tinatawag nating “pagbaril sa dilim,” alam n’yo na. Ikaw, maaaring mas palalain ka nito, kita n’yo, dahil makakalimutan mo ang lahat ng alam mo, kapag inilagay nila ang gamot na iyon sa iyo. Pero ang Panginoong Diyos, kung gaano ang Kanyang biyaya’t habag! At bago pa man ako makapag-alay ng isang salita ng panalangin para sa kanya, ay tapos na iyon. Kita n’yo? Kinailangan lamang ’yung isang tiyak na bagay ng Diyos, yaong tiyak na hipo, upang magawa iyon.

Hindi ko dapat sabihin ito. Oo. Titingnan ko doon, nakikita ko na ang naturang lalaki ngayon. Buweno, hindi ko alam kung makakadalo ka ba ngayon, o hindi.

¹¹ Doon sa lalawigan kung saan ako nakatuloy, ngayong linggo. Ako—ako—mahal ko ang mga kaibigan ko doon. Isa itong munting bakasyon bago ang mga malalaking pagtitipong ito, alam n’yo. At umuwi ako, upang pumunta roon at lumabas para mangaso ng squirrel kasama ang mga kapatirang ito. At ang pamilyang ito, mga pamilya, pala, na tinutuluyan ko doon, ay talaga namang kaibig-ibig na mga tao. At ’yung lalaki, isang tunay na kapatid, mga kaibigan; talaga sila.

At ’yung isa sa kanila ay talagang napakahilig sa—sa mga asong panghuli. At mayroon siyang isang kulungan na puno ng mga iyon doon. At—at nakita ko ang pinakamagandang maliit na aso doon, isang munting kaibigan, ang tawag ko doon, “kalahati ng isang aso ang taas at dalawang aso ang haba,” alam n’yo na, na—na patakbo-takbo doon sa bahay. At naisip ko, “Naku, hindi ba’t gugustuhin ni Joe na magkaroon ng isang ganyan!”

¹² At, siyempre, doon sa Arizona, hindi siya maaaring gamitin. Mapapasuot siya sa cactus, at iyon na ang magiging katapusan niya. Kaya nga sinabi ko, rin, “Hindi ka maaaring magkaroon nito. Hindi sila gumagamit ng mga aso doon, sa bahaging ’yon ng lalawigan. Dahil, ang mga iyon, buweno, sadyang hindi nila magagamit ang mga iyon. Ang mga iyon... saka, ang panahon, ang—ang kalagayan ng lalawigan na may mga cactus, at mapapatay lang ang mga iyon.” At saka, totoo, ang isang aso na naroroon sa labas, isang—isang lobo, o kung ano man ang makakapatay sa kanya, marahil, kahit papaano, kung lalabas ito.

¹³ Kaya naman sinabi nitong lalaki sa akin, “Sa iyo na lang siya.” Pero ako—hindi ko magagawang kunin siya. Ako—pinasalamatan ko iyon. Natuklasan ko, isa pala ito sa mga paborito niyang aso.

14 At ang lalaking ito ay may isang kalugod-lugod na munting asawa at maliliit na mga anak. At noong isang araw, nagsimulang iatras palabas ng babae 'yung kotse nung lalaki, at mayroon siya nitong Oldsmobile na kotse. At ang naturang munting aso ay mga *ganyan* lang kahaba, isang tuta lang. At nasagasaan mismo niya ito. 'Yung Oldsmobile ay sumagasa mismo sa munting aso, sa likod nito *rito*, at nadaganan ito, kung saan ang mga bato sa daanan ng sasakyan ay sadyang tumusok sa maliit na tiyan nito pababa rito, alam n'yo na. At—at 'yung munting asawang babae, sa halip na isugod 'yung munting aso doon sa beterinaryo. . . Siyempre, patutulugin lang ito agad ng beterinaryo, at pinatay na ito. Kita n'yo?

May kasama akong isa pang kabataang lalaki. At pagkarating na pagkarating niya roon, sabi, "Kung aso ko 'yan, babarilin ko na ito." Sabi, "Ganun lang. Hahayaan pa bang maghirap ito nang *ganyan*?"

15 Sabi ko, "Buweno, huwag natin itong barilin." Sabi ko, "Maghintay pa tayo nang kaunti."

Pinalayo ko ang lahat, at lumapit at ipinanalangin ko ito. Sinundan ako nung munting aso doon sa beranda. At ito, [Nangagalak ang kongregasyon—Pat.] oo, ito. . . Kita n'yo? "Anumang bagay na inyong naisin, kapag kayo'y nanalangin, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na ito, at ito ay mapapasainyo, ipagkakaloob sa inyo." "Anumang bagay." Ganoon ang ating Panginoong Diyos. Hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya'y—Siya'y kagila-gilalas at kamangha-mangha. At tiyak ngang iniibig natin Siya, sa umagang ito; at inaasahan Siya, at nakikilala.

16 Nakita ko, noong isang araw, ang isang—isang matandang mag-asawa, ang nanay at tatay ng isang napakabuting miyembro nitong—kongregasyon na ito ng mga mananampalataya. At ang nanay ay, oh, sa palagay ko'y malapit na siyang mag-isandaan, at ang tatay, din. At sa loob ng halos labindalawang taon ay hindi makagalaw ang lalaking ito; nakaratay siya, basta lamang nakahigang padiretso. O, hindi siya makahiga nang nakatagilid, o ano pa man. Nakahiga doon sa loob ng labindalawang taon. Sadyang sa katandaan! At 'yung nanay ay mga kaedad na niya ngayon, sa palagay ko, nasa malapit na sa isandaan, at ang kahabag-habag na matandang nilalang ay halos mawalan na ng kontrol sa pag-iisip. Iniisip niya na may kung sinong kumukuha ng lahat ng bagay na mayroon siya.

At tumingin ako doon sa . . . kabila ng lamesa, sa aming lahat, bata at matanda, na nangakaupo doon. At sinabi ko, "Saan ba tayo patungo? Ano ba ang ginagawa natin?" At 'yung binibining tinutuluyan ko noon, iyon ang kanyang ina at ama. At sabi ko,

“Ikaw ay patungo doon, din naman. Tiyak nga, bawa’t isa sa atin.” Kita n’yo?

¹⁷ Isipin lamang ito, sandali, bago natin simulan ang aralin natin. Doon kayo patungo. Para saan at nagsusumikap kayo? Para mabuhay kayo. Para saa’t nabubuhay kayo? Para mamatay kayo. Hindi ba’t magiging labis na walang kabuluhan kung hindi natin tinanggap ang inilaan ng Diyos para sa Buhay na Walang Hanggan? Ano pa’ng iisipin natin? Ano—ano pa ba ang nasa isip natin, na makakakuha ng pansin natin mula . . . sa kung anong bagay? Ano naman kung nagmamay-ari ka ng isandaang milyong dolyares, at ikaw ang may-ari ng estado ng—ng Indiana, o ng alin mang iba pang estado, o maging ng bansa, o, kung iyan ang pag-uusapan, ang buong mundo?

Mabuhay ka man nang matagal, kinakailangan mo pa ring humantong diyan. Kita n’yo? At tuluy-tuloy, araw-araw, sa bawat pagpintig ng puso n’yo, papunta kayo doon mismo. Kita n’yo? Ikaw, wala ka talagang panalo. Nasa panig ka ng talo, at, ikaw, tiyak nga na matatalo ka. Subalit alalahanin ang pangako, na, “Ang mawalan ng buhay dahil sa Akin ay makasusumpung niyaon.” Ngayon, ano pa bang kayamanan ang masusumpungan na hihigit kaysa sa Buhay, bagama’t masumpungan mo mang sa iyo ang buong mundo? Ngunit, kung iyong—kung masumpungan mo ang Buhay, ay nasumpungan mo na ang pinakadakilang bagay na maaaring masumpungan. Nais ko na . . .

¹⁸ Tumingin sa kaliwa ko at muling nakita, ngayon-ngayon lang, ang isa pang tropeo ng biyaya ng Panginoon. Mga ilang linggo pa lang ang nakakaraan, ay tinawagan ako sa telepono. At isang kaibig-ibig na miyembro ng iglesyang ito, o ng katawang ito . . . Hindi ko gaanong gusto na tawagin itong isang iglesya. Ako—nais ko itong tawagin, na . . .

Gaya na lamang noong nakikipag-usap ako sa ilang mga tao, sabi nila, “Buweno, sa anong iglesya ka kaanib?”

Sabi ko, “Hindi ako nakaanib . . .”

“Sa anong denominasyon ka ba kaanib?”

Sabi ko, “Wala.”

Sabi, “Buweno, ano’ng kinaaaniban mo?”

Sabi ko, “Isang Kaharian.”

¹⁹ Isang Kaharian! “At sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa Kahariang iyon!” Sa pamamagitan ng isang Espiritu, ang lahat, tungo sa Kahariang ito! Sinabi ni Jesus, “Magsidalangin kayo, ‘Dumating nawa ang Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban sa lupa, kung paano sa Langit.’” Ngayon, tumayo Siya isang araw sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, sabi Niya, “Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na may ilan na nangakatayo rito, na hindi mararanasan ang kamatayan, hanggang sa makita nila

ang Kaharian na dumarating sa kapangyarihan.” Una nang naipakita iyon, gaya nga ng katatapos lamang natin dito, ang Bundok ng Pagbabagong-Anyo. At sinabi ng Biblia, “Ang Kaharian ng Diyos ay nasa loob ninyo.” Kaya, ito ay mga taong taga-Kaharian na nagpapahayag na hindi ito ang kanilang tahanan. Hindi ito ang ating tahanan. Naghihintay tayo para sa Pagparito ng Hari, na magtatayo ng Kaharian.

²⁰ Tinawagan ako sa isang malubhang kaso, ng isang—isang matandang kapatid na lalaki na naging parang isang ama na sa akin. At siya...Hindi ko pa siya matagal na kakilala, pero naaalaala ko 'yung araw na dinala ko siya dito para sa pagbabautismo sa tubig. At magsisiyamnapu't isang taong gulang na ang naturang lalaki. At tinawagan ako ng kanyang butihing maybahay, at dahil isa itong nars, sabi, “Nagkaroon siya ng ganap na pagpalya ng puso.” Bukod pa diyan, nagkaroon siya...Oh, tinatawag kong...hindi ko masabi 'yung tawag. Atake sa puso. [Sinasabi ng isang kapatid na babae na, “Coronary”—Pat.] Coronary heart attack. Salamat. Coronary heart attack, at isang ganap na pagpalya ng puso. Wala nang ibinigay na pag-asa pa ang doktor, man lamang. At nag-aagaw-buhay na ang lalaki, at ipinatawag niya ako.

²¹ At sumakay ako sa aking munting lumang Ford, at sinimulang tahakin ang daan patungong Ohio, sa abot ng makakaya ko. At hindi alam, na wala pala sa linya 'yung isa sa mga gulong ko, nahiklat tuloy 'yung goma nito. At kaya nga ako...sa pagpunta roon. Sa paglabas mula sa isang gasolinahan, nang mga bandang alas-onse. Nag-aalala na ako sa kanya. Ako—mahal ko siya. At alam ko, na kung—kung magpapatuloy pa ito, ang Panginoon ay magtatagal pa, naku, sa malao't madali, ay kakailanganin na naming isuko ang isa't isa.

²² Subalit hindi niyan mahahadlangan ang Pag-agaw, ngayon. Kita n'yo? Hindi. Mauuna muna sila, sa oras na iyon. Mapapalad sila, na mga pumanaw na. Mauuna muna sila. Kita n'yo? Kita n'yo? “Tayong nangabubuhay at nangatitira, hanggang sa Pagparito ng Panginoon, ay hindi hahadlang o mangauuna sa anomang paraan sa mga nangatatutug. Tutunog ang trumpeta ng Diyos; ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na muli. Pagkatapos kapag nakita na natin ang ating mga mahal sa buhay, saka tayo babaguhin, sa isang sandali, sa isang kispamata, at kasama nilang aagawin.” Kita n'yo? Mas mapapalad ang mga naunang pumanaw kaysa sa mga nangabubuhay.

²³ Habang papalabas ako ng gasolinahan, mga bandang alas-onse, sinabi sa akin ng Espiritu Santo, “Huwag ka nang mag-alala sa kanya. Kakamayan mo siya, muli sa kalye, at pupunta siya sa bahay-sambahan,” siyamnapu't isang taong gulang na lalaki, na noo'y nag-aagaw-buhay na.

Noong makita ko ang kanyang maybahay at ang kanyang mga mahal sa buhay doon sa ospital sa Lima, sinabi nila sa akin ang tungkol sa kalagayan niya. Pumasok ako sa loob, tiningnan siya roon. Sabi niya, “Pero siya’y isang kakaiba.” Sabi, “Siya—nagsimula siyang bumuti, bandang alas-onse.” Buweno, at ako’y . . . Napakaraming bagay ang ipinakita ng Panginoon sa mga taong iyon, alam nila na hindi ko basta na lamang sinabi iyon. Dahil, nauna na nila itong sinabi sa akin, “Nagsimula siyang magbago.” Alam nilang sasabihin ko sa kanila ang katotohanan.

²⁴ Kaya, noong nakaraang Linggo, habang papunta ako doon sa Blue Boar Cafeteria sa Louisville, kung saan sa palagay ko’y mga nasa walumpung porsiyento nitong kongregasyon ang nagkakatipon-tipon ng Linggo ng hapon, para kumain, sino’ng nakita ko na naglalakad sa kalye? Sinasabi ko sa inyo, nanginig ang puso ko nang makita ko ang ating Kapatid na Dauch na naglalakad sa kalye, na eksakto sa sinabi Niya sa akin. Kinamayang ko siya, doon sa—doon sa kalye.

²⁵ Pagkatapos ako—bumalik ako dito para sa nakaraang Linggo ng gabi at nangusap tungkol sa paksa ng pagkakaisa, tungkol sa *Ang Tanda Ng Panahon Ng Pagsasama-sama*. Kaya . . . At pagkatapos ay isinakatuparan nga niyan iyon, sadyang kung ano ang sinabi Niya. At naririto siyang nakaupo sa bahay-sambahan ngayon, naririto mismo sa tabi natin, bilang isang tropeo ng biyaya ng Diyos. Noong kinakamayang ko siya sa loob ng tent, ng kinalalagyan niyang oxygen tent, sabi ko, “Kapatid na Dauch, gagaling ka na. Makikita kitang muli sa bahay-sambahan. Iyan, ’yan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kita n’yo? Heto siyang nakaupo sa bahay-sambahan, naririto mismo ngayon, si Kapatid na Dauch.

²⁶ Kung hindi ako nagkakamali, ’yung ministrong binabanggit ko, kani-kanina lang, ang Espiritu Santo ay pumasok at ipinahayag ang lahat ng mga bagay na ito; sinabi sa kanya kung paano ito naganap, at sinabi sa kanya kung ano ang kanyang nagawa; kung paano ito naganap, kung paano ito nangyari, lahat ng mga nagaganap mula noon, maging sa katangian ng kanyang pamilya, at lahat ng tungkol doon. At sinabi sa kanya, na, “Tapos na ito.” At nakaupo ang naturang ministro sa banda rito, sa gawing kanan. Maaari mo bang itaas lamang ang kamay mo, ginoo? Hayun, siya at ang kanyang maybahay, eksakto, ngayon-ngayon lang.

Naritong nakaupo si Kapatid na Dauch, narito mismo ngayon. Oh, naku!

²⁷ Hindi ba’t kamangha-mangha Siya? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Ang mga bagay na nakaraan, nasa kasalukuyan, at magaganap.” Isa, dalawa, tatlong saksi. “Ang mga bagay na nakaraan, kung ano ang nagawa mo; ang

mga bagay na nagaganap na ngayon; at ang mga bagay na magaganap.” At sa tuwina, ay eksaktong, eksaktong nasa Salita. Iyon ay tanging ang Diyos lamang ang makagagawa niyan. Oh! Hindi ba’t napakaligaya natin dahil sa mga bagay na ito? [“Amen.”]

²⁸ Ngayon, ang dahilan kaya gumugugol pa ako ng kaunting palugit na oras, kailangan pa kasi ni Billy na sunduin ang kanyang asawa at anak na sanggol. At sabi niya, “Tatay, huwag po kayong mag-umpisang mangaral hanggang sa makabalik ako.” Kaya, ako—sa palagay ko’y nakabalik na siya ngayon. At dapat namang magkaroon ako ng ganyan karaming oras, din naman. At sinisikap kong iwasan itong apat na oras na hirap na pinaglalagyan ko sa inyong lahat dito, at gawin itong tatlumpu’t lima, apatnapung minuto, nakita n’yo, at sinisikap na matupad ito.

²⁹ Ngayon, may komento sa akin minsan sa Chicago. Nakuha ko ito ng tatlumpung minuto, o parang ganyan, tatlumpu’t limang minuto. At noong nakaraang Linggo ng gabi ay apatnapu’t limang minuto lamang. Sabi ni Billy, “Gumagaling ka na talaga, tay. Medyo ipinagmamalaki kita, dahil diyan.”

³⁰ Buweno, siguro, ngayong umaga, para gawin itong isang maikling pang-Sunday school na tipo, hindi ko kayo gaanong pagtatagalin. Pagkatapos makakalabas na kayo at makapanananghalian na kayo, at makapanalangin, at makakabalik mamayang gabi para sa mga gawaing pagpapagaling. Bubuo tayo ng isang hanay para sa pananalangin mamayang gabi at mananalangin para sa mga maysakit.

³¹ Ngayon, kung may kakilala kayong sino mang mga tao sa paligid, kahit saan, na may sakit at nagnanais na maipanalangin, dalhin n’yo sila dito mamayang gabi. Kita n’yo? Kung kinakailangan ninyo silang dalhin, sa ano mang paraan, dalhin n’yo sila dito. Kita n’yo? Iyan ang pinakaimportante, ay, ang madala sila dito mamayang gabi. Magkikita-kita tayong lahat. Sa ganoong paraan...Mahirap ang magtatawag, na naglilibot sa iba’t ibang dako; pagkatapos ay maiiwan mo ang isa, at magiging mabigat ang loob mo. Ngunit kung magagawa ko silang lahat na madala sa iisang dako, kung gayo’y makakapanalangin ako para sa kanila. Ngayon, kung kayo’y...Kung nais ng mga tao na maipanalangin, sila... Sasabihin n’yo, “Maipapanalangin nga kaya sila?” Oh, tiyak ’yon. Maipapanalangin sila. Dalhin n’yo sila. Kung loloobin ng Panginoon, paparito kami, mananalangin para sa lahat. Dahil, nadarama ko na nagsisimula nang kumilos ang ikatlong hatak na iyon, nakita n’yo, sa—sa loob ko. At ako—ako—nais kong manalangin para sa lahat.

³² Ngayo’y dumako na tayo, ngayong umaga sa isang pamilyar na lumang Kasulatan kung saan para bang nakuha ko sa pag-aapura kagabi, dahil talagang antok na antok na, at nagsulat ng ilan pang karagdangang Mga Kasulatan para isama dito. At bilang para bang papuri. Narinig ko ang isang kapatid, minsan, na ginamit ang tekstong ito. At naisip ko . . . Isinulat ko iyon. Naisip ko, “Buweno, sa palagay ko’y isusulat ko ’yon, dahil baka sakaling makatulong.”

Madalas nating gawin ’yan. Napansin ko, na marami sa inyo dito, ang may kapirasong papel. At maaaring may kung anong sinasabi ang isang ministro, at pagkatapos ay iyong—iyong masasapol ang puntong iyon, may kung anong tatama sa loob mo. At pagkatapos kung ang Espiritu Santo ang gumagawa nun, kung gayo’y magsisimula kang bumuo mula sa pinaka puntong iyon doon mismo, ng isang mensahe para sa Panginoon. At ayos lang iyon. Napansin ko sa mga pagtitipon, saan ka man magpunta, talagang nagsisipagsulat ang mga mangangaral at ang mga tao. Mabuti iyon. Tayo—naririto tayo, iyan ang ipinarito natin, ang sikaping matulungan ang isa’t isa habang nasa mga landas na ito.

³³ At ngayo’y dumako na tayo sa Apocalipsis, ang ika-3 kabanata, sa mga kapanahunan ng iglesya, bilang pag-uulit ng isang kapanahunan ng iglesya. Pero ngayon tayo ay . . . tayo . . . hayun. Siyanga. Maaari kong kunin ang isang tekstong ito, at sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay mangangaral tungkol Dito ng isandaang taon at ni hindi mailalabas kung ano ang nakapaloob Dito. Dahil, sa isang tekstong ito, gaya ng lahat ng iba pang mga teksto ng Biblia, ay magkakaugnay ang lahat ng Ito.

At nais kong kunin ang aking teksto, sa umagang ito, tungkol dito sa: *Paano Ba Ako Makapananagumpay?* Ngayon, pinili ko ito dahil sa palagay ko’y isa itong panahon na hindi kailanman natin dapat hayaang mamatay ang Espiritu ng rebaybal. Kailangan nating manatili sa rebaybal, na palaging maningas, sa bawat araw. Sinabi ni Pablo na kinailangan niya na “mamatay araw-araw, upang si Cristo ay mabuhay.” At hindi natin kailanman dapat hayaang mamatay ang ningas na iyan, sa loob natin.

Ngayon, sa Apocalipsis, ang ika-3 kabanata, at simula sa ika-21 talata, mababasa natin ang ganito.

Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na . . . nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

³⁴ Napansin ba ninyo ang—ang mga pagkakaayos niyon? Kita n'yo? “Umupong kasama Ko *sa* Aking luklukan,” hindi “*sa ibabaw* ng Aking luklukan.” “*Sa* Aking luklukan,” iyon ay sa Kanyang nasasakupan. Kita n'yo? At doon, kung paanong—kung paanong si Cristo ang Tagapamuno, ang nakaluklok na Tagapamuno sa panahong ito, ng buong nasasakupan ng Diyos, gayon din nama'y makakasama Niya ang Iglesya, makakasama Niya ang Nobya, sa Kanyang luklukan, sa buong nasasakupan. Kita n'yo? Hindi “*sa ibabaw ng* Aking luklukan,” kundi “*sa* Aking luklukan,” kita n'yo, kung saan umaabot ang Kanyang nasasakupan. Ang isang luklukan ay nangingibabaw sa isang nasasakupan, at—at ang isang nasasakupan ay umaabot hanggang doon sa mga hangganan nito. At ito'y mula sa Walang Hanggan hanggang sa Walang Hanggan. Isipin n'yo nga iyon!

³⁵ Ngayon, habang pinag-aaralan natin ito, ang layunin ko dito ay hindi lamang magpunta dito para—para makipagtipon sa inyong mga tao. Na, gustong-gusto ko namang gawin iyon. Ngunit kung—kung may pagkakataon akong gawin 'yon, pupunta ako sa bahay n'yo, at makikipagkamay sa inyo at makikipagkuwentuhan sa inyo, at mauupo, kasalo ninyong kakain ng hapunan; at mauupo, sa ilalim ng lilim ng puno, at makikipagkuwentuhan at makikihalubilo sandali.

Subalit kapag nagtutungo tayo rito, naririto tayo para sa isang tiyak na layunin. Ito ang bahay ng pagtutuwid. Ito ang luklukan. Ito ang luklukan ng Diyos, at dumarating ang paghatol mula sa bahay ng Diyos. At dito ay kung saan tayo samasamang nagtutungo, nagkakatipon sa pag-ibig, sa isa't isa, na tanging mga Cristiano lamang ang may kakayanang umibig. Subalit, dito sa loob, tayo ay—tayo ay nasa ilalim ng—ng—ng—ng pangunguna ng Espiritu Santo. Nasa kalagitnaan natin ang Banal na Espiritu. At naririto tayo upang maging . . . upang siyasatin ang ating mga sarili, para makita kung saan-saang dako tayo nagkulang, ang mga pagkukulang natin, at kung paano tayo makahahabol sa kung nasaan na dapat tayo, patungo doon sa kung nasaan na tayo dapat ngayon; kung nasaan na tayo, at kung nasaan na dapat tayo. At 'yan ang pinag-aaralan natin. Pinag-aaralan ng mga ministro ang mga dakong iyon, para sa kanilang kongregasyon. Kapag nakikita nila ang mga tao, ang kakulangan, saka sila nagsisimula doon.

³⁶ Ngayon, malapit na, sa tingin ko'y nararapat nang marahil na humakbang ang iglesya ng mas mataas-taas pa nang kaunti sa ngayon. Wala akong balak na gawin ito ngayong umaga, ang tungkol sa pagpapakita ng mga bagay na ito. Pero ako—sa palagay ko, sandali na lang, kung loloobin ng Panginoon, bago natin ipangaral ang Mga Trumpetang iyon, nais ko na—na—na hatiran ang Iglesya ng isang bagay lamang na—na dapat ninyong malaman na, sa palagay ko, ngayon.

³⁷ At ngayo'y nangungusap tayo tungkol dito sa, “pananagumpay.” Ang salitang *magtagumpay*, siyempre, alam n’yo na kung ano ang ibig sabihin nito. Kailangan ninyo ng isang bagay na pananagumpayan. At itong kapanahunan ng iglesya na tinutukoy ng Espiritu Santo dito, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, gaya nga ng katatapos lamang natin dito, ay nangangailangan ng isang pananaway. Kinailangang sawayin ang Laodicea, dahil sa kanyang—sa pagsalungat nito kay Cristo. Pinalabas nito si Cristo, noong—noong kanilang kapanahunan. At nasa labas si Cristo, na sinisikap na muling makapasok. Iyan ang pag-ibig. Matapos Siyang palabasin sa Kanyang Sariling pamamahay, ay sinisikap na muling makapasok, at sabi, “Ang siyang magbukas ng pinto, Ako’y papasok sa kanya.” Kita n’yo? Ang iglesya, mismo, sa kabuuan, ay pinalabas Siya.

³⁸ Subalit ngayon ay pansinin. Ang pagtawag Niya rito ay hindi para sa iglesya lamang. “Sa kanya na magtagumpay.” Kita n’yo? Hindi ang iglesya; babae naman ’yon, kita n’yo, ang katawan ng iglesya. Kundi ito’y “ang magtagumpay,” ang indibiduwal na makapananagumpay, ngayon.

³⁹ At naparating na nga ito ng Laodicea sa kanya. Ngayon nakikita natin, kung gayon, na nalalaman na ito ang Kapanahunan ng Laodicea, at nalalamang ang kapanahunang ito ay nangangailangan ng isang matinding pagsaway mula sa Diyos. Kailangan nito ng isang matinding pagsaway. At kapag ang ating mga ministro ay nagiging labis na malambot at mapagpalayaw, na tulad ng isang matandang lolo sa kanyang mga apo, na kahit ano pa ang gawin nila ay tamang lahat. At sila’y . . .

⁴⁰ Napakaraming beses nang nasabi, na ang Diyos ay sadyang isang mabuting Diyos, hanggang sa ginagawa na nila ang Diyos na isa na lamang na malaking mapagpalayaw na lolo. Nakita n’yo? Pero hindi Siya ganun. Siya ay isang Ama, at isang Ama ng katuwiran, ng pagtutuwid. At ang pag-ibig ay laging mapagtuwid. Kita n’yo? Nagtutuwid ang pag-ibig. Gaano man ito nakasasakit, nagtutuwid pa rin ito.

Itutuwid ng isang tunay na ina ang kanyang mga anak. Ang isang tunay na ama’y magtutuwid. Kita n’yo? Kung kayo’y magiging malambot lang at mapagpalayaw, at hahayaan ito . . .

⁴¹ Tumatawid ako sa isang matandang troso noong isang araw, sa ibaba ng isang—isang tubigan, o ’yung tinatawag na isang labak. At tumalon ako sa trosong ito. Sa panlabas, parang maayos ito, para bang isang malaking matandang troso ng beech. Pero nang lumundag na ako doon, oh, isang malaking tipak nito ang nalaglag mula dito. Iyon ay talagang bulok at marupok na. Sabi ko, “Ganyan na ang kinahihinatnan ng mga Cristiano.” Namatay na sila sa kasalanan at mga pagsalangsang, nang napakatagal na, hanggang sa maging marupok na. Hindi

na nila kayang dalhin ang ano mang bigat, man lang. Sila—hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng pananagumpay. At bigla kong naisip ang tekstong ito, noon. Ang magtagumpay, panatilihin ang Buhay sa inyo. Nang lumabas na ang buhay, iyon ang nagdala sa trosong iyon sa ganoong kalagayan. Kita n'yo? At lalo pa nitong pinalala ito nang mahimlay ito doon sa sanga kung saan naroon ang tubig.

⁴² At pagkatapos, sa ganoon, kumuha kayo ng isang Cristiano, na inaasahang isang Cristiano, hayaang lumisan sa kanya ang Buhay ng Diyos, at ang karanasan, ang kagalakan ng paglilingkod kay Cristo; at, nabubuhay sa isang iglesya kung saan nagpapatuloy ang gayon, doble pa ang bilis niyang mabubulok, mismo, na nabubuhay mismo sa ilalim nito.

⁴³ Kaya, kung sinisikap nating sundan ang Mensahe sa panahon na ito, o kahit man lamang ang bahaging ito ng Mensahe, dapat tayong patuloy na mamuhay sa Buhay ni Cristo. Kita n'yo? Dahil, kung hindi, maiiwan ka sa tabi-tabi, at nalalaman Iyon, itong mga bagay na nararapat mong gawin, at hindi ito ginagawa. Ang sabi ng Biblia, “Ang sinumang nakakaalam ng paggawa ng mabuti, at hindi ito ginagawa, ito’y kasalanan sa kanya.” Kung gayon ikaw ay nagiging mahina, nabubulok na, kapag nahiralay ka sa Buhay ng Diyos. Kaya, pagsumikap mo nang buong makakaya mo, na makapanatili sa Buhay ni Cristo, na ika’y makapagbunga.

⁴⁴ Nakikita natin ang kapanahunang ito na kinabubuhayan natin. Isa ito sa pinakadakilang kapanahunan sa lahat ng mga kapanahunan. Itong Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea ang pinakadakila sa lahat ng mga kapanahunan ng iglesya, dahil ito na ang pagwawakas ng panahon at ang pagpasok ng Walang Hanggan. At, saka, ito ang pinakamakasalang kapanahunan. Mas maraming kasalanan sa kapanahunang ito kaysa sa alin mang nagdaan. At ang mga kapangyarihan ni Satanas ay—ay makailang ulit na mas mahirap labanan kaysa noon sa alin mang kapanahunan. Kita n'yo? Ang ngayon!

⁴⁵ Doon noon sa mga sinaunang kapanahunan, ang isang Cristiano ay maaaring, dahil sa kanyang pagpapahayag bilang isang iglesya . . . ng pagiging kay Cristo, ay maaaring mapugutan ng ulo dahil dito. Maaari siyang patayin, at maalís na sa kanyang paghihirap, at yumaon upang makatagpo na ang Diyos, kaagad.

Ngunit pumasok na ngayon ang kaaway, sa pangalan ng iglesya, at napakamapandaya nito. Ito ang grabeng kapanahunan ng pandaraya. Kung kailan, sinabi ngang gayon ni Cristo, “Ang dalawang espiritu ay magiging halos magkaparehong-magkapareho sa mga huling araw hanggang sa iligaw nito maging ang Mga Hinirang kung maaari.” Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Alalahanin, nangusap si Cristo tungkol sa isang hinirang na mga tao para sa huling panahon. Kita n'yo?

“Iligaw nito maging ang Mga Hinirang kung maaari.” Halos magkaparehong-magkapareho! Ganyang namumuhay ang mga tao, makapapamuhay ang mga tao ng isang malinis, na banal na pamumuhay; hindi maging makasalanan, mga mangangalunya, at mga manginginom, at mga sinungaling, mga sugarol. Kaya nilang mamuhay nang mas mataas doon, at gayun ma’y wala pa rin Nito. Tama ’yon.

⁴⁶ Ito ang—ang kapanahunan ng Buhay, personal na Buhay ni Cristo, kung saan, ang—ang sangkap ng Kanyang katawan, kung ano ang nasa Kanya.

Una, sa ilalim ng pag-aaring-ganap, ang bautismo sa tubig. Pangalawa, sa ilalim ng bagong Kapanganakan, na kay Wesley, ang pagpapabanal, na naglilinis. At pangatlo, sa ilalim ng bautismo ng Espiritu Santo, na itinatalaga yaong pinaging-banal na sisidlan para sa paglilingkod. Kita n’yo? Ang salitang *pabanal* ay nangangahulugang, isa itong Griyegong tambalang salita na nangangahulugang “nilinis na at inilaan para sa paglilingkod,” inilaan para sa paglilingkod. Ngayon itinatalaga na ito ng Espiritu Santo sa paglilingkod. Kita n’yo?

⁴⁷ At mapapansin natin, “Kapag ang karumal-dumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, nagpapagala-gala ito sa mga dakong walang tubig.” Ganyan mismo ang ginawa ng iglesya, ng mga Baptist, mga Methodist, ’yung mga naniniwala sa pagpapabanal. “Pagkatapos,” sabi ni Jesus, “ang karumal-dumal na espiritung lumabas, ay muling nagbabalik dito sa katawang iglesya at nasusumpungan ang bahay na nagayakan, nalinis na, na namumuhay nang dalisay, malinis na pamumuhay.” Siyanga. “Ngunit gayon man kung ang bahay na iyon ay hindi napunuan, natirhan, kung gayo’y papasok siyang kasama ang pito pang masasamang demonyong mas malala pa sa kanya, at ang huling kalagayan ng dakong ito ay pitong ulit pang malala kaysa noong una.” Mas maigi pang nanatili na lamang silang Lutheran, kaysa sa tumanggap ng Liwanag na iyon at mabigong sumunod Dito. Gayon din ang mga Pentecostal, kita n’yo, alam n’yo kung ano ang ibig kong sabihin, nagayakan na ang bahay.

⁴⁸ Gaya ng may kinakausap ako, noong isang araw, sabi, “Sila ay lubos na nag-iingat, maging marami sa mga pangkat ng holiness, na huwag tawagin ang Banal na Espiritu, na ‘Banal na Espiritu,’ dahil sa naipapakilala nila ang kanilang mga sarili na kasama ng mga Pentecostal kapag ginagawa nila ’yon. Sinasabi nila, ‘Espiritu Santo,’ kita mo, iniwasang sabihing, ‘Banal na Espiritu.’” Dahil, ang Pentecostal, na mga karaniwang tao, ay tinatawag lamang Ito sa kung ano ang sinasabi ng Biblia, na “Banal na Espiritu.” Na iyon, ang Espiritu Santo at ang Banal na Espiritu ay iisang bagay. Pero napakaingat nila tungkol dito. Ayaw nilang makilala silang kasama ’yung mga taong

nagsasalita sa iba't ibang wika; at iyon, ang Espiritu Santo, Mismo. Kita n'yo?

Ano ang nangyari kung gayon? Nang ang kaaway, na lumabas noon sa ilalim ng pagpapabanal, na nahugasan, ay bumalik at nasumpungang hindi napuspos ng Espiritu Santo ang bahay, ngayon ang naging kalagayan ng iglesya ay inianib na sa—sa kapisanan ng mga iglesya, doon sa World Council of Churches. At isa na itong kalagayan ngayon na iniuugnay ito sa Katolismong Romano at ang lahat ng iba pa nito, at ngayo'y makapitong beses na itong mas malala kaysa noong lumabas ito mula sa Lutheranism. Doon ito dinadala ng tao.

⁴⁹ At saka tingnan n'yo ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea matapos na matanggap ang Banal na Espiritu, at taglay ang kaalaman at ang Espiritu ng Diyos sa loob Nito, at pagkatapos ay itinakwil nito ang mga gawa ng Diyos, at tinawag Itong “isang gawa ng diablo.” Kung gayon ano iyan? Doon ay kung saan pinalabas si Cristo sa Kanyang Sariling iglesya. Kita n'yo? Siya. . . Hindi na Siya ipinakita pa Nito sa iglesya hanggang sa dumating na sa Laodicea; at nang makarating Siya sa Laodicea, pinalabas na Siya sa iglesya Niya, na sinisikap na muling makapasok.

⁵⁰ Ngayon, kita n'yo, hindi Siya kailanman naipasok ng pag-aaring-ganap. Nilinis lamang ng pagpapabanal ang lugar para sa Kanya. Subalit nang dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, inilagay Siya nito sa mga tao. At ngayo'y pinalabas nila Siya, nang simulan Niyang ipakita ang Kanyang Sarili, na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinalabas nila Siya dahil naging denominasyon na sila, at ang—ang Espiritu ng Panginoon ay hindi sumasang-ayon sa kanilang denominasyon. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen”—Pat.] Iyon, pinalabas nila Siya. “Ayaw naming magkaroon ng anumang kaugnayan dito sa pagbabasa ng isip. Ito'y—ito'y sa Diablo. Ito'y panghuhula. O. . .” Kita n'yo?

Hindi nila nauunawaan. “Mga mata, at hindi nakakakita; mga pakinig, at hindi nakakarinig.” Kita n'yo? Iminumulat lamang ng Diyos ang mga mata ayon sa ibig Niya. “Pinagmamatigas Niya ang puso ng sinomang pinagmamatigas Niya, ang gustuhin Niya, at—at—at nagbibigay ng Buhay sa kanila na Kanyang ibig.” Iyan ang sinabi ng Kasulatan.

⁵¹ Ngayon, nakikita natin itong mga oras na ating kinapapalooban, ang kalagayang ito, at nakikita natin kung ano ito. At sinasaway ng Banal na Espiritu ang kapanahunang nagpalabas sa Kanya. Ngunit, sa lahat ng iyan, napansin ba ninyo, “Sa kanya na magtagumpay?” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Maging doon sa

makasanlibutan, na makasalanang kapanahunan ng iglesia, “Ang magtagumpay.”

⁵² Nasumpungan natin dito na laging may mga mananagumpay ang Diyos. Mayroon Siyang mga mananagumpay sa bawat kapanahunan. Mayroon palagi, sa lahat ng panahon, sa bawat kapanahunan na nagkaroon sa lupa, ang Diyos ay mayroon laging isa na magagamit Niya, bilang isang saksi sa lupa. Hindi Siya kailanman nawalan ng saksi, bagama’t kung minsan ay iisa lamang. Ngunit mayroong nananagumpay, ngayon, gaya ng mga banal noon.

⁵³ At may isang—isang napakabuting lalaki, na isang iskolar, na nagsasabi, pagkatapos ng *Ang Pitong Selyo*, sabi niya, “Kapatid na Branham, ikaw bilang isang—isang nagtitipo, tagapagtipo, pala,” sabi, “papaano mong ilalagay ang Iglesyang iyon sa Pag-agaw nang wala ang panahon ng Kapighatian, sa isang tipo?” Sabi niya . . .

Nakita n’yo, kung isa itong tipo, kailangang may isang . . . kailangang may . . . kung mayroong anti-tipo, tiyak na may isang tipo para pagmulan ng anti-tipo na iyan. At lahat ng sinasabi ko, na totoo, ay mayroong tipo. May tipo ito. Mayroon kayong anino. At sinabi ng Biblia, “Ang mga bagay nang una ay anino ng mga bagong bagay na magsisidating.”

Sabi niya, “Pero ngayon kinuha mo ang Lumang Tipan bilang isang anino. Ngayon,” sabi niya, “ano’ng gagawin mo sa Iglesyang ito?”

⁵⁴ Ang lalaking ito’y mula sa isang . . . Isang dakilang tao, isang magaling na guro na isang matalik kong kaibigan, napakabuting tao, at isa siyang kaibig-ibig na kapatid. Ako—hindi ako mangangahas na magsabi ni isang salita laban sa naturang kapatid. Hindi ko gagawin, sa anumang paraan. Bilang—bilang isang . . . Bilang isang Cristiano, wala akong masasabing anumang laban sa kanya. Siya—siya—hindi siya sumasang-ayon sa akin sa isang paksang iyon, pero siya—siya’y mahal kong kapatid. Magkasalo kaming kumakain. At, oh, talagang isa siyang napakainam na kasama. Kumukuha ako ng magasin niya, binabasa ang kanyang mga artikulo. At nagsusulat naman siya ng ilan na sa akin, at iba pa. At nakakuha ako ng napakaraming teksto mula sa aking—sa nabasa ko—nabasa sa kanyang mga artikulo, sa mga narinig na sinabi niya. Isa siyang dakilang tao, pero siya—sadyang hindi siya makasang-ayon sa akin. Hinahangaan ko iyon, ang kanyang katapatan. Bagama’t hindi siya basta, isa sa mga sunud-sunurang ito, na sadyang kailangang sumang-ayon sa lahat ng sasabihin mo. May sarili siyang matibay na paniniwala, at naninindigan siya para dito. Hinahangaan ko iyon. At isa siyang mabuting tao. Oh, ako—hindi ako isang guro o isang iskolar, man lang, ngunit ang lalaking ito’y parehas na guro at iskolar.

⁵⁵ Ngunit ako—hindi ako makasang-ayon sa kanya, dahil hindi ko ito makita. Ngunit, hindi ito tumutukoy sa kaligtasan, tumutukoy ito sa Pagparito ng Panginoon. Nakikita niya na kailangang dumaan ang iglesya sa panahon ng Kapighatian, para sa pagdadalisay. Sinasabi ko na ang Dugo ni Jesus Cristo ang nagdalisay sa Iglesya. Kita n'yo? Hindi na nito kailangang...

Naniniwala akong dadaan ang iglesya sa panahon ng Kapighatian, ang organisasyong iglesya, pero hindi ang Nobya. Pipili ka ba ng isang babaeng kailangan mo munang dalisayin bago mo siya pakasalan? Kita n'yo? Pinili ang Nobya ni Cristo, at Hinirang Siya. At Nobya Siya ng Diyos, ang Nobya ni Jesus Cristo.

⁵⁶ At ngayon sabi niya, “Papaano mo ititipo iyon, kung paroroon na ang Nobyang iyan, papaitaas na bago pa Siya dumaan sa panahon ng Kapighatian?” Sabi, “Mayroon akong Kasulatan na magpapakita sa iyo na nasa panahon ng Kapighatian ang Iglesya.”

Sabi ko, “Basahin mo na lang ang Ikaanim na Selyo, iyon lang, naroon siya mismo sa ilalim ng panahon ng Kapighatian. Ngunit malalaman mo, na bago pa man iyon, ay wala na ang Nobya. Kita mo? Nasa Kaluwalhatian na Siya sa panahong iyon. Wala siyang pagdadalisay.” Kita n'yo?

“Ang sumasampalataya sa Akin ay may Buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol o sa Kahatulan, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Ibinigay ni Cristo ang pangako na ni hindi na tayo tatayo pa sa Paghatol. Kusa Niyang kinuha ang aking lugar, hanggang sa makalaya na akong lubos. Kapag napatawad na ako, napatawad na nga ako. Papaano Niya ako ilalabas sa sanglaan, na may tiyak nang resibo, kung... Papaano ko Siya magiging Manunubos, at kukunin ako sa sanglaan, at sasabihin pa rin ng may-ari ng sanglaan na pag-aari niya ako? Mayroon na akong nakasulat na resibo, amen, kita n'yo, na isinulat sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Ngayon, sa ganyan, dito tayo humantong.

Sabi niya, “Ngayon, papaano mo magagawa, na ihiwalay 'yang hinirang na Nobya na sinasabi mo ngayon, papaano mo ilalagay Iyan sa isang tipo?”

⁵⁷ Sabi ko, “Napakainam.” Sabi ko, “Heto na. Ngayon, sa Mateo, ang ika-27 kabanata at ang ika-51 talata.” Kung ating...

Hayaang basahin ko lamang ito, at pagkatapos ating—makukuha nating mabuti. Pagkatapos ay malalaman natin kung tumipo nga ba ito o hindi, kung ito nga ba ang hinirang na Nobya. Mateo, ang ika-27 kabanata at ang—at ang ika-51 talata. Sige. Mababasa natin ang ganito, sa pagkakapako sa krus ng ating Panginoon.

At, narito, ang tabing ng templo'y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba; . . .

⁵⁸ Ngayon, iyon ang kautusan. Doon mismo natapos ang kautusan. Dahil, inihiwalay ng tabing ang kongregasyon mula sa mga banal na bagay ng Diyos. Tanging ang pinahirang saserdote lamang ang pumapasok doon, at, iyon, ay minsan sa isang taon. Naaalala n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Sariling kamay, pansinin, "buhat sa itaas hanggang sa ibaba," hindi buhat sa ibaba hanggang sa itaas. Ito'y mga apatnapung talampakan ang taas. Pansinin, hindi buhat sa ibaba hanggang sa itaas, kundi "buhat sa itaas hanggang sa ibaba," ipinakita na ang Diyos ang gumawa nito. Hinapak ang tabing sa dalawa, pagkatapos bagaman, kahit sino, ang sinumang magnais, ay makaparoroon at makababahagi ng Kanyang kabanalan. Kita n'yo? Buweno.

. . . buhat sa taas hanggang sa ibaba; at nayanig ang lupa, at nangabaak ang mga bato;

At nangabuksan ang mga libingan; at maraming katawan ng mga banal na nangakatulog ay nangagbangon,

At paglabas sa mga libingan pagkatapos na siya'y mabuhay na maguli, . . . ay nagsipasok sila sa bayang banal, at nangapakita sa marami.

⁵⁹ Hayan ang Mga Hinirang na iyon, ang Nobyang iyon. Hindi lahat ng iglesyang Hudyo ay nagsibangon nang panahong 'yon. Lahat sila'y nagsigawa ng iisang paghahain. Lahat sila'y nasa ilalim ng ibinuhos na dugo ng kordero. Subalit mayroong hinirang na Pangkat; at ang hinirang na Pangkat na iyon, nang dumating na mismo ang pangyayari, iyon ay talagang sumampalataya Dito nang may katapatan. Ngayo'y dadako na ako sa salitang *magtagumpay*. Ngayon diyan muna. Ang mga ito na talagang nagtagumpay, na matapat na ginagawa ang siya ring paghahandog na ginawa ng iba pa sa kanila, ngunit, sa katapatan, ay napagtagumpayan ang mga bagay ng sanlibutan. Nang magawa na nang wasto ang kabayaran para sa kanila, naroon sila sa paraiso hanggang sa yugtong iyon noong panahong iyon. Nang maganap ang panahong iyon, nakapanagumpay na sila at nagpapahinga, nangatutulog na; kita n'yo, "maraming katawan niyaong mga nangakatulog sa alabok," kita n'yo, nangakatulog.

⁶⁰ Ngayon, kung mayroon pa tayong oras, maaari tayong magbalik doon kay Daniel, noong, si Daniel, ang isang hinirang na 'yon na nagtagumpay. At sabi Niya, "Isara mo ang Aklat, Daniel, sapagkat ikaw ay magpapahinga hanggang sa dumating ang iyong gantimpala. Subalit pagdating ng Prinsipe, na tatayo para sa mga tao, tatayo ka para sa gantimpalang iyon." Heto na.

Si Daniel, ang propetang ito ng Diyos, ay nakitang paparating ang katapusan ng panahon. At sabi Niya, “Daniel, ika’y tatayo para sa iyong gantimpala sa araw na iyon.” At heto nga siya, na bumangon; hindi lahat ng Israel, kundi ang tipong-Noby na mula sa Israel. Ngayon, ang iba pa sa Israel ay hindi magbabangon hanggang sa pangkalahatan nang muling pagkabuhay.

⁶¹ At ngayon, sa Pagparito ng Panginoong Jesus, ’yung mga tunay na umiibig sa Kanyang Pagparito, na nangabubuhay para dito; kapag nagpakita Siya sa langit, ay babangon ang Iglesia na namatay kay Cristo, at babaguhin ang mga iyon sa isang iglap. Walang malalamang anuman tungkol dito ang iba pa sa kanila. Alalahanin, “Nagpakita sa mga nasa bayan.” Kita n’yo? Ang—ang—ang Pag-agaw ay magiging ganyan. Makikita natin ang isa’t isa, at makikita natin sila. Hindi sila makikita ng iba pa sa sanlibutan. Aagawin ito gaya ng isang lihim na pag-alis. Naghihintay para sa sandaling iyon!

Pagkatapos ay magbabalik sa lupa para doon sa maluwalhating Milenyum, pagkatapos ang sanlibong taon... “Ang iba sa mga patay ay hindi nangabuhay sa loob ng isang libong taon.”

⁶² At pagkatapos ay darating ang panlahatang muling pagkabuhay, kung saan, ang buong Israel. At gayon din, tingnan n’yo doon, ang labindalawang apostol, ang labindalawang patriyarka, ay ikinatawan lahat. At hindi pa tayo nakakadako diyan. Siguro, kung loloobin ng Panginoon, pupuntahan natin ito sa Tipan, kung paanong ang mga pader na jaspeng iyon, at ang labindalawang bato, labindalawang pintuan, labindalawang pundasyon, ang lahat ng iyon ay ikinatawan. Heto sila sa labindalawang luklukan, ang mga anghel-namensahero ng mga araw na iyon, upang magsihatol doon sa mga nagsitakwil sa kanilang mensahe. Amen. Darating na doon ang dakilang oras na iyon. Oo.

⁶³ Anong araw, anong panahong ating kinabubuhayan! Gaano na tayo’y nararapat magsipagsuri, Iglesia. Pinag-uusapan natin ngayon ang tungkol dito sa mga bagay na paparating, na darating. Ngayon, sa araw na ito, bumalik tayo rito at tingnan, suriin ang ating mga sarili at tingnan kung tayo ba ay nasa Pananampalataya mismo.

⁶⁴ Ngayon pag-usapan natin sa loob ng ilang minuto ang ilang mga nagtagumpay, sa mga araw ng panahon ni Noe, na siyang itinipo ni Jesus Cristo, na gaya ng araw na ito.

Dapat sana ako’y gugugol ng sampung minuto. Ngayo’y magkalahating oras na ako. Kasisimula ko pa lang, sa unang pahina. Lalampasan ko ang ilan sa mga iyon, kung magagawa ko. At kunin kung ano...

65 Sa panahon ni Noe, tipo ng araw na ito: tinukoy ito ni Jesus, at sinabi, “Kung paano ang nangyari noong panahon ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao. Noong panahon ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao.” Pansinin, mayroon noon sa buong sanlibutan sa panahon bago ginunaw ng baha, marahil mula sa milyon-milyong katao noon, mayroong walong mananagumpay. Walong tao ang nagtagumpay, na talagang totoo ng mga mananagumpay. Naroon ang tatlong anak na lalaki ni Noe at ang kanilang mga asawa, at si Noe at ang kanyang asawa. Walo ang nagtagumpay, na pumasok sa daong sa takdang panahon. Paano nila nagawa iyon? Nakinig sila sa Salita ng Diyos. Hindi sila nasumpungan sa labas ng pintuan. Nasumpungan sila sa loob ng pintuan.

66 Oh, minamahal kong mga kaibigan, huwag n’yong hayaang magsara ang pintuang ’yon. Sinabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari nang araw na iyon, ay gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao.” (Salamat, kapatid.) “Gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao.” Ngayon, mayroong masusumpungan sa labas ng pintuang iyon.

Marami sa kanila ang maaaring may mabubuting hangarin, at, “Balang araw, kung maganap ang gayong mga bagay, papasok tayo kasama ni Kapatid na Noe, dahil isa siyang mabuting tao.” Ngunit, nakita n’yo, walo lang ang nasumpungan nito sa loob.

67 Ngayon, mag-isip nang husto ngayon. Kung pahila-hilata pa kayo, na masyadong nagpapakalayaw, pumasok na kayo. Magmadali, bilisan n’yo, dahil baka magsara na ang pintuan anumang oras.

68 At noon pa’y mayroon nang arka sa kapamahalaan ng Diyos. Mayroong arka noong panahon ni Noe, para sa kaligtasan ng Kanyang bayan. Mayroong arka noong mga araw ng kautusan, arka ng patotoo. Noong mga araw ng kautusan, ay kanilang sinundan ang arka.

At mayroong pangatlong kapanahunan ngayon; katulad sa panahon ni Noe, sa panahon ni Lot, at ngayon sa panahon namang ito. Mayroong arka ngayon. At ang arkang iyan ay hindi isang denominasyon, ni hindi rin ito ’yung mabubuting mga gawa na ginagawa mo. Ito’y “sa pamamagitan ng isang Espiritu,” Mga Taga Roma 8:1, “tayong lahat ay binautismuhan tungo sa isang Katawan, tungo sa nasasakupan ng Kahariang iyan, isang Espirituwal na bautismo.” Gaano pa man kabuti, gaano pa man kasama, maging ano pa man, ikaw ay nasa Kahariang iyan sa pamamagitan—sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu. Kita n’yo? Iyon lang ang tanging paraan na magtatagumpay kayo. Ang lahat lang ng mga nasa ilalim

ng nabuhos na Dugo ang mga mananagumpay, dahil hindi ka makapananagumpay, sa sarili mo. Siya ang nagtagumpay para sa iyo. Namamahinga ka.

⁶⁹ “Paano ko malalaman kung gayon, Kapatid na Branham, na Naroon ako?” Masdan mo kung anong uri ng buhay ang ipinapamuhay mo. Tumingin-tingin ka lang sa paligid. Tingnan mo kung iyon ba’y naipapamuhay sa iyo, nang kusa. O, kung kailangan mo pang magpakahirap at magpumilit, kita n’yo, kung gayon ikaw ang gumagawa niyon. Ngunit huwag mong piling gawin iyon. Nagpumilit ka na ba? Siyanga. Huwag.

⁷⁰ Gaya na lamang ng pagpapasok ng braso ng sanggol sa butas ng manggas, nakita n’yo. Siya’y sadyang itaas, ibaba, ibabaw, at lahat na. Kita n’yo? Hindi niya iyon kayang gawin. “Isuot mo na ang pangginaw mo, mahal.” Hindi niya iyon kayang gawin. Ang munting braso’y nakataas, nakababa, nandito’t nandoon. Nangangailangan ito ng iyong nakapirming kamay.

Oh, labis akong nagagalak, na sadyang maipapaubaya ko ang aking kamay sa Ama, sasabihin, “Panginoong Jesus, hindi ko po kayang maipasok Doon. Tulungan Mo po ako. Isuot Mo sa akin ang balabal.” Humihinto ako sa kasusubok. Hinahayaan lamang na Siya ang gumawa nito. Kita n’yo?

⁷¹ Kapag nagpumilit sa kasusubok ang munting sanggol, “Oh, kaya kong gawin ito. Kaya kong gawin ito.” At kung saan-saan na siya masusuot. Hindi niya ito magagawa.

Maging kayo man, o kahit ako ay hindi rin iyon magagawa, ngunit kung pipirmi lamang tayo at hahayaan Siyang gawin ito. Magpaubaya lamang sa Kanya, “Narito po, Panginoon, narito ako. Basta—hayaan lamang na maging walang anuman ako. Ako—nagpapaubaya ako. Ilagay Mo po ang aking kamay sa tamang lugar.” Iyan ang tagumpay. Iyan ay pananagumpay.

⁷² Ang bagay na dapat ninyong mapanagumpayan ay ang sarili ninyo, ang inyong kaisipan, ang inyong bagay, at isuko ang inyong sarili sa Kanya. Nagtagumpay Siya para sa inyo. Nalalaman Niya ang daan; hindi natin alam.

⁷³ Ngunit sa panahon ni Noe ay mayroong walong mananagumpay, at iyon ang nakapasok. Nasumpungan sila sa loob.

Ngayon tingnan n’yo, mga kaibigan. Naniniwala akong itinetyp nila ito. At kung nasa telebisyon ito, o hindi tel-... pasensya na, isang teyp. Anuman ang gawin ninyo, kung sino ang nakikinig ngayon, o kung sino ang makikinig pagkatapos, huling-huli na ang oras, at mayroon nga kayong mabuting layunin, ngunit masumpungan nawa kayo sa loob. Ngayon, huwag kayong magpumilit. “Hindi ayon sa kalooban ng tao, o pagsisikap ng tao, kundi ayon sa Diyos.” Hayaan lamang ang Diyos. Basta ipaubaya lamang ang inyong sarili sa Kanya at magpatuloy, nang may isang sakdal, na sapat na

pananampalataya, na, “Kayang tuparin ng Diyos ang Kanyang ipinangako.” Hindi ang pag-anib sa isang denominasyon, iba pang denominasyon, ang pagtakbo *dito*, *doon*, o sa *iba pa*, sinusubukan ang *ganito*. Basta ipaubaya lamang ang inyong sarili sa Diyos, at lumakad kasama Siya, nang mapayapa, tahimik, hindi nababagabag. Magpatuloy lamang sa paglalakad na kasama Siya. Tama ’yon.

⁷⁴ Ganyan ang sinabi ko sa kapatid nating nagkaroon kailan lang ng—ng atake. Kita n’yo? “Magpaubaya lamang sa Kanya. Naririto Siya, Siya Na alam kung ano ang iyong ginawa, at kung ano ang nagbunsod sa iyong pagiging ganyan at ginagawa ang *ganito*, at lahat ng iyon. Alam Niya ang lahat ng tungkol sa iyo, at ngayo’y sinabi lamang Niya sa iyo kung ano ang dapat gawin. Ngayon,” sabi ko, “ang tanging bagay lamang na dapat mong gawin ay ang gawin lamang ito. Iyon ay, kalimutang lahat ang tungkol sa nakaraan, magpatuloy, mabuhay para sa hinaharap, sa Kaluwalhatian at Presensiya ng Diyos.”

Walong mananagumpay.

⁷⁵ Sa mga araw ng panahon ni Daniel, may apat na mananagumpay na nakayang tagalan ang pagsubok ng apoy at leon.

Ngayon, tayo’y inaasahang susubukin. Isa ’yang mabuting aral para sa aking—aking kapatid na naroon sa likod, din. “Ang lumalapit sa Diyos ay dapat munang subukin.” Ang subukin (sa ano?) sa Salita. Iyan ang pagsubok ng Diyos. Naniniwala ba kayo rito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Ang lumalapit sa Diyos ay dapat masubok.” Ipinapakita lamang niyan ang isang tunay na anak, kung gayon, kita n’yo, ang masubok. At kapag dumating na ang pagsubok. . .Hindi ka makapananagumpay libang may isang pagsubok na ibigay sa iyo. At kapag naibigay na ang pagsubok, ito’y upang makita kung makapananagumpay ka o hindi. At sinabi ni Jesus, “Ang magtagumpay,” sa pagsubok. Ang pagsubok ang pinakamatinding bagay na nangyari sa inyo. Naniniwala akong nasusulat sa Kasulatan, sinabi ni Pedro, na, “Ang ating mga pagsubok ay lalong mahalaga sa atin kaysa mamahaling ginto.” Panahon ito ng pagsubok. Isa itong mabuting patunay sa atin na nasa atin ang Diyos, kapag sinusubok tayo, sapagkat ang lahat ng mga anak ng Diyos ay sinusubok at pinatutunayan.

⁷⁶ At si Daniel, isang lalaki, isang propeta; sina Shadrach; Meshach; at Abednego; si Daniel ang propeta; at iyon ang laki ng bilang ng Iglesya nang panahong iyon, ibig kong sabihin, ang Nobya. Marami ang iglesya, mga nasa dalawang milyon sa mga iyon ay nagtungo roon. Ngunit mayroong. . .Iyon ang laki ng bilang ng mananagumpay. At ang mga mananagumpay na ’yon ay inilagay sa pagsubok. At ang bawat mananagumpay ay kailangang ilagay sa pagsubok. At nang sabihin nila, “Itakwil

n'yo kung ano ang sinasabi ng Salita, kung hindi ay itatapon kayo sa nagniningas na hurno." Tinanggihan nila ang lahat liban sa Salita.

⁷⁷ At nang bigyan si Daniel ng isang pagsubok, na kailangang bawiin niya ang sinabi ng Salita, na kailangan nilang yumukod paharap sa templo, gaya ng ipinanalangin noon ni Solomon, at Kanyang ililigtas sila mula sa lahat ng bagay. Diringgin ng Diyos mula sa Langit kung sila'y mahihimlay. . . titingin sa templo at mananalangin. At sabi, "Kung ang sinuma'y mananalangin sa loob ng ganito karaming mga araw. . . At kami ay mga taga-Medo-Persia, na hindi mababago o mapapalitan ang aming mga batas. Ang taong 'yan ay ihahagis talaga sa yungib ng mga leon."

⁷⁸ Naghanda sila ng isang bitag para sa kanya. Naniniwala akong alam na iyon ng propetang 'yan. Ngunit naghanda sila ng isang bitag para sa kanya. Lumakad siya na may pagpapakumbaba. Nang dumating na ang oras para siya'y manalangin. . . Noong, batid niya, na sa dakong tahanan sa Jerusalem, ay may isang haing sinusunog sa altar. Hindi natakot si Daniel sa mga espiyang iyon. Itinaas ang mga tabing, at itinulak ang mga panangga ng bintana, at lumuhod sa kanyang mga tuhod, at itinaas ang kanyang mga kamay sa Diyos at nanalangin. Bakit? Mabuhay man o mamatay, taglay na niya ang tagumpay. At, kaya naman, may labis-labis na tagumpay hanggang sa hindi na ito makain ng mga leon. Siya—nagtagumpay siya.

⁷⁹ Ang. . . Sina Shadrach, Meshach, Abednego ay nagkaroon ng labis-labis na tagumpay hanggang sa ang leon. . . hanggang sa hindi na sila matupok ng apoy. Alam n'yo, ang tagumpay ay isang bagay na mahirap tupukin, o ubusin, o anuman. Kita n'yo? Kaya, sila, nakamit nila ito.

⁸⁰ Maaaring magbanggit pa ako ng isang tauhan. Sa mga araw ni Lot, ay binanggit ito ni Jesus, na mayroon lamang tatlo na nagtagumpay, si Lot at ang kanyang dalawang anak na babae. Hindi maging ang kanyang asawa; ay hindi nagtagumpay. Siya—nagsimula siya. Isa siyang tipo. Sana'y may oras pa tayo. Tapos na ang tatlung pang minuto ko ngayon. Kita n'yo? Kita n'yo? Siya, ayos natin ang ginawa niya, umalis siya.

⁸¹ Ngayon kailangan ko itong ibigay sa inyo, sandali lamang. Marami sa inyo ang umalis na, rin. Marami sa inyo ang iniwan na ang mga bagay na ito, upang makapanindigan kayo, pagkatapos ninyo Itong saliksikin sa Kasulatan at matuklasang tama Ito. Nakita ninyo ang pagpapatunay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat; hindi ng kung sino, kung ano ang *sinabi* ng kung sino na isa raw katunayan. Kung ano ang sinabi ng Biblia na mangyayari, at narito na Ito na ginagawa nga ito. Nakita ninyong Ito ang Katotohanan. Kaya, nag-umpisa ka na, upang lisanin ang Sodoma, lisanin ang denominasyon, lisanin ang mga

bagay na nagtatali sa iyo sa isang kredo; at upang sumunod kay Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na pinatutunayan ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng nasulat na Salita ng Diyos. Sa ibang salita, tinanggap ninyo ang Biblia sa halip na ang kredo. Nagsimula na kayong lumabas, upang sumunod.

⁸² Buweno, ganoon ding bagay ang ginawa ng asawa ni Lot, alam n'yo. Nagsimula siyang lumabas, para sumama kay Lot, sumunod sa kanyang asawa, sa kanyang mga anak, sa kanyang mga mahal sa buhay, ngunit wala Ito sa kanyang puso. Iniibig pa rin niya ang sanlibutan. Kaya maaari na makapagsimula ka, at gayon ma'y nasa iyo pa rin ang sanlibutan. Kita n'yo? Hindi siya kailanman nagtagumpay. At kahit na halos malapit na siyang magtagumpay noon, sa huli ay dinaig siya nito. Kinailangan niyang gawin yung mahaba't matagal, na huling sulyap. Doon siya nasilo. Huwag kang lilingon man lang. Huwag ka nang magkaroon pa ng paghahangad. Magpatuloy ka lang. Ituon mo ang iyong isip doon sa Kalbaryo at magpatuloy sa paglapit kay Cristo. Kita n'yo?

⁸³ Nagsimula siyang lumabas, bilang isang mananagumpay, ngunit hindi siya kailanman nagtagumpay. Oh, niwan niya ang denominasyon. Ginawa nga niya. Lumabas siya ng Sodoma, kasama ni Lot. Pero gusto niyang bumalik at paputulan ang kanyang buhok. Alam n'yo na kung ano ang ibig kong sabihin. Kita n'yo? Kinailangan niyang bumalik. Sadyang hindi niya kayang tagalan ang—ang pagsubok. Kinailangan pa niyang lumingon muli, para tingnan kung ano ang ginagawa ng iba pa sa kanila. “Oh, alam n'yo, may ilan akong mabubuting kaibigan doon, kahit papaano. At, sa kabila ng lahat, baka isa lamang itong kaunting—isang kaunting paglipat. Hindi ko alam kung tama nga ba ito o hindi. Ako—salita lang naman ng lalaking ito ang pinanghahawakan ko para dito, bagama't siya'y asawa ko. Pero gayon pa man...” Ang inyong pastor ang asawa ninyo, sa usaping espirituwal, nakita n'yo. “Ngayon, kung tama man ito o hindi, hindi ko alam. Siguro siya, hindi tama ang kapahayagan niya.”

Kung gayon, kung hindi ka lubos na nasiyahan, hindi mo lubos na alam na Ito ay Salita ng Diyos, kung gayon—kung gayo'y hindi ka makakasulong. Kita n'yo? Kailangang kumbinsidong-kumbinsido ka talaga. Kailangang alam mo. Hindi lang basta sabihin, “Buweno, nakikita kong ginagawa ito ng iba. Nakikita ko ang isang tanda.”

⁸⁴ Alam n'yo, nagsimulang lumabas ang Israel, maaari kong sabihin ang gayon ding bagay at dalhin iyon dito. Nagsimula silang lumabas, na dalawang milyon ang bilang, at nauwi sa dadalawang tao lamang. Tama. Nakita nila ang mga gawa ng Diyos. Nakita nila ang kahayagan ng Espiritu. Nakita nila ang mga dakila't kagila-gilalas na mga himalang isinasagawa noon doon sa Egipto, at lahat na, at nagsimulang lumabas. Pero ito—

wala ito sa kanilang puso. Hindi sila nagtagumpay. Lumabas lamang sila. At sabi ni Jesus, “At nangamatay sila sa ilang,” at mga patay na magpasa-Walang Hanggan. “Bawat isa sa kanila ay patay na,” ibig sabihin niyan ay Walang Hanggang pagkawalay. Nangabulok ang bawat isa sa kanila sa ilang.

⁸⁵ Ngunit may dalawang lalaki, sina Josue at Caleb. At nang dumating na sa pagtutuos, napakalaki ng mga hadlang hanggang sa magmukha silang mga tipaklong sa tabi ng mga iyon. Sumigaw si Josue kasama si Caleb, at sinabi, “Kayangkaya nating gawin ito.” Bakit? “Dahil sinabi ng Diyos.” At sila ay mga mananagumpay. Nagtagumpay sila. Sila’yung mga pinagpala, mula doon sa buong kalakhan ng organisasyon ng mga tao, upang dalhin ang tunay, na hinirang na Nobya patungo sa lupang pangako. Sina Josue at Caleb na naroon sa unahang linya, bilang siyang dalawang heneral, ay pinangunahan sila patungo doon mismo sa ilog, at tinawid ang ilog, patungo doon sa lupang pangako. Bakit? Sumampalataya sila sa Salita, maging ano pa man.

⁸⁶ Pagkatapos, lumitaw si Dathan. Si Dathan, ibig kong sabihin, ay tumindig, at gayon din si Kora, at sinikap nilang sabihin, “Pinipilit ng taong ito na gawin ang kanyang sarili na nakahihigit sa ating lahat; na mas banal siya kaysa sa lahat sa kanila.” Matapos na lubos na pinatotohanan ng Diyos ang naturang tao. Sabi nila, “Magsisimula na lamang tayo ng isang grupo ng mga tao at gagawin natin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*, at bubuo tayo ng ating mga organisasyon, gagawa tayo . . .” At nangamatay sila at nangapahamak.

Ngunit taglay ng mga taong iyon ang Salita ng Panginoon, at nanatili silang kasama Nito, at nakaparoon sila.

“Hindi ang sinomang nagsisimula; ang sinomang nagtatapos.” Marami ang nagsisimula sa takbuhan, ngunit mayroon lamang Isa na tumatapos nito. Maraming mga iglesya ang magsisimula, maraming grupo ng mga tao. Iisang Pangkat ang makakatapos. Iyan ang mga mananagumpay.

⁸⁷ Sa panahon ni Lot, oo, kinailangan pa ng naturang babae na gawin’yung isang napakatagal, na mahabang paglingon. “Oh, iiwan ko na si *Ganito-at-ganoon* doon, ’yung masasayang sandali namin dati-rati. Hinding-hindi ko iyon makakalimutan.” At nasumpungan siya, napagsarhan, gaya ng nangyari noong panahon ni Noe. Napagsarhan siya, nang walang habag, at napahamak siya. At ang—ang kimpal ay nananatili pa ring nakatayo doon ngayon. Sinasabi nila (hindi ko alam) na makatatapyas ka raw ng kapiroso mula dito at tutubo itong muli, isang haliging asin. Kung nakita n’yo na ang larawang iyon ng *Sodoma at Gomorra*, makikita n’yo ang orihinal na haliging asin na nakatayo roon.

⁸⁸ Ngayon, may pagkakaiba sa pagitan ng isang haliging asin at ng isang Haliging Apoy. Kita n'yo? Kailangan mong lumingon sa isang direksyon. Siyanga.

⁸⁹ Pansinin, sa panahon ni Juan Bautista. Sa panahon ni Juan Bautista, may nasumpungang anim na nagtagumpay. Sa lahat ng mga kapanahunan, ay nagkaroon sila ng mga mananagumpay. Noong panahon ni Juan ay nagkaroon sila ng anim, 'yun ay sina Jose at Maria, Zacarias at Elisabet, Simeon at Ann. Isang lalaki at isang babae, isang lalaki at isang babae, isang lalaki at isang babae; kita n'yo, tipo ni Cristo, ng Iglesya; ni Cristo, ng Iglesya; ni Cristo, ng Iglesya; ni Cristo, ng Iglesya. Kita n'yo? Kita n'yo?

⁹⁰ Pansinin, nagsisimula ito mula sa isang taong natural. Hindi, si Mo- . . . si Jose, ang taong natural, si Jose, ano siya? Isang karpintero. Pagkatapos ay ang saserdote, ano siya, kita n'yo? Isang ministro sa bahay ng Panginoon; si Zacarias. At mula doon, hanggang kay Simeon, isang propeta at isang babaeng propeta. Kita n'yo? . . .? . . . Pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu. Amen. Hindi n'yo ba ito nakikita? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ganap nga. Anim ang nagtagumpay. Ang lahat ng iba pa sa kanila, naghandog sila ng kanilang hain at lahat na, subalit ang mga ito ang Mga Hinirang. Nagtagumpay sila.

⁹¹ Pansinin ang bawat kapanahunan ng iglesya. Ang mga iyon din ang mga nagtagumpay nang sila, ang bawat anak mula sa bawat kapanahunan ng iglesya, ay napagtagumpayan ang tukso nang kapanahunang iyon. Nasa akin ang Mga Kasulatan dito. Sa palagay ko'y wala na tayong panahon pa para magawa ito, ngunit alam na natin ang bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesya. Ganoon din ngayon. Para lamang itong isa na . . .

⁹² Kita n'yo, gaya nga ng sinabi ko noong simula, ipinanganak kang talunan. At hindi ka kailanman madadala ng kapanganakang iyan sa—sa Buhay, dahil ipinanganak kang talunan. At ikaw ay nasa isang mundong talunan, nasa gitna ng mga taong talunan, nasa gitna ng mga talunang credo, mga talunang denominasyon. Kailangan mong magtagumpay sa kung ano mang paraan.

⁹³ Para lang itong isang liryo. Kung saan ay . . . Ang isang liryo, sa palagay ko, ay isa sa pinakamagagandang bulaklak na mayroon. Gustong-gusto ko 'yung mga malalaking calla lily at pond lily. Sa palagay ko'y halos wala nang mas gaganda pa sa isang napakalaking pond lily, na ang tawag dito'y water lily. Kayganda ng ningning nito! Ngayon, saan ba ito nanggagaling? Isa itong munting binhi, doon sa ilalim ng isang maputik, na maruming lanaw. At ang munting binhing iyon, bagama't, lahat ng ningning na magliliwanag dito, ay nasa loob na nito noon pa man, noong naroon pa ito sa putikang iyon. Ngunit kailangan nitong magpunyagi, araw-araw, na nalalamang mayroong isang

bagay. Maitim ito. Marumi ito. Maputik ito. Maburak ito. Doon sa burak na pinananahanan nito, gayunma'y nagpupumilit itong makalusot sa putik, sa burak, at sa tubigan, at sa mga dakong hindi umaagos, hanggang sa mailabas ang ulo nito pataas, sa liwanag, at maipahayag kung ano ang natago dito sa haba ng panahon.

⁹⁴ Sa tingin ko'y ganyan ang mananagumpay, na, minsang nasa kasalanan, minsang gumawa ng mga bagay na mali, hindi na nag-aalala pa tungkol dito ngayon. Minsa'y gumawa ng mga bagay na mali, pagkatapos, bakit ngayo'y muli pang titingin doon sa lanaw? Kita n'yo? Tingnan mo, ikaw ay . . .

⁹⁵ Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang pagtatalaga, kita n'yo, ay binuhay ang binhing ito, at itinutulak nito ang sarili nito, kita n'yo, palapit sa liwanag. At ngayon, sa ibabaw ng lahat ng iyon, ay nanagumpay ito. Kita n'yo? Hindi nito ipinapakita ang sarili nito *doon* sa ilalim. Umaakyat ito, upang ipakita ang sarili nito.

Ni kayo man, sa inyong—inyong kasalanan, at pangangalunya, at sa lahat ng bagay na ipinamuhay ninyo. Wala kayong anumang ipinakita. Subalit mayroong isang binhing naroroon, at nagkaroon ito ng pagkakataong itulak ang sarili nito patungo sa Liwanag. At ngayo'y nasa Presensiya na kayo ni Jesus Cristo, kasama ng Liwanag ng Anak. Inilabas nito kung ano talaga kayo sa simula. Nakita ninyo kung ano'ng ibig kong sabihin? Nakita mo ang Liwanag. Namukadkad ka. Binuksan mo ang puso mo, at isa ka na ngayong liryo.

⁹⁶ Naaalala n'yo ba ang pangaral ko tungkol sa liryo? Si Kagalang-galang na Liryo, kung paano siya nagpapagal. "At, gayon pa ma'y, hindi siya humahabi. At gayunman, si Solomon, sa lahat ng kanyang kaluwalhatian, ay hindi pa nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito." Siya—siya—siya—siya—siya. . . Tingnan n'yo siya. Handa na siyang magbi- . . . Wala siyang anumang kinukuha para sa kanyang sarili. Walang inaalalang anuman ang liryo tungkol sa kanyang sarili. Ano ang kanyang ginagawa? Siya—inilalabas niya ang kanyang kagandahan, ang kanyang buhay, upang makita ng iba. Naipapamalas ang kanyang buhay, upang makita ng iba ang kaluwalhatian, kung ano ang nasa kanya, na naroon sa kanya sa putikang iyon. Ngayon ay nasa itaas na siya.

Ganyan ang mananagumpay. Napagtagumpayan niya ang putikan. Napagtagumpayan niya ang mga bagay ng sanlibutan. At walang-bayad niya ngayong ipinagkakaloob ang kanyang sarili. Magagawang tumingin sa kanya ng sinuman. Ang kanyang buhay, wala kang maipaparatang dito. Kita n'yo? Isa talaga siyang mananagumpay. Wala ka nang masasabing anuman patungkol sa kanya ngayon. Sasabihin, "Nanggaling siya sa putikan." Pero wala na siya sa putikan ngayon. Nasa

ibabaw na siya nito. Amen. Hindi mo na ngayon maituturo pa kung ano siya dati. Ano na siya ngayon? Nasa ibabaw na siya.

⁹⁷ Pagkatapos ay magdadaan ang bubuyog at sasabihin, “Napakabango ng halimuyak na ’yon. Sa palagay ko’y pupunta ako at kukunin ang bahagi ko.”

⁹⁸ Binubuksan lamang niya ang kanyang puso, “Halika na ngayon. Sige.” Kumukuha ang lahat mula sa kanya. Kita n’yo? Siya, isa siyang tunay na pastor. Ipinamamalas niya ang kaluwalhatian ng Diyos. At tingnan kung saan siya nagmula. Kinailangan niyang magtagumpay, para magawa iyan.

⁹⁹ Isang panahon, ang lalaki o babae ay bata pa at kaaya-aya, maganda. Napakarami nilang mga tuksong kinailangang pagdaanan, ngunit napagtagumpayan nila iyon. Kita n’yo? Nagtagumpay sila. Ngayon ay ipinamamalas na nila ang tunay na kagandahan ni Cristo sa kanilang buhay. Pansinin, ipinamamalas, sa pamamagitan ng putikan.

¹⁰⁰ Ibinigay sa atin ni Jesus ang halimbawa, kung papaano ito gagawin. Ngayon nais nating malaman kung paano makapananagumpay. Sinabi sa atin ni Jesus kung paano ito gagawin. Kita n’yo? Kapakumbabaan! Binigkisan ang Kanyang Sarili, kumuha ng isang tuwalya, at hinugasan ang mga paa ng mga alagad at pinunasan ang mga iyon. Nagpakababa sa Kanyang Sarili ang mismong Diyos ng Kalangitan.

¹⁰¹ Hindi natin gustong mahamak. Iyan ang dahilan kung bakit ayaw pahabain ng mga kababaihan ang kanilang buhok; ang dahilan kung bakit ayaw nilang magbihis na gaya ng nararapat na bihis ng mga binibini. Gaya ng, hindi gusto ng mga kalalakihan, kita n’yo, ito’y ganoon ding bagay. Ayaw nila. Sila, hinahamak sila.

Ngunit, si Jesus, sa tuwi-tuwina! Tingnan kung Sino Siya. Kadakilaan! May sasabihin ako. Ibinababa ng kadakilaan ang sarili nito. Ang *dakila* ay nagpapakababa sa kanyang sarili. Kadakilaan!

¹⁰² Nagkaroon na ako ng pagkakataon na makakuha, makilala ang ilang dakilang mga kalalakihan. At ito ’yung mga lalaking may pamalit ng mga damit, at limampung sentimo sa kanilang bulsa, at para kalampagin, iyan ang lalaking nag-aakalang kung sino na siya gayong wala naman siya. Ngunit tumayo na ako katabi ng mga dakilang lalaki, ibig kong sabihin ay mga dakilang lalaking may kupasin na mga manggas, na nangakalupi. Ipaaisip nila sa inyo na kayo ang dakilang tao. Kita n’yo?

Ang kadakilaan ay kapakumbabaan. Huwag n’yong kalilimutan ’yan, Iglesya. Naipapamalas ang kadakilaan sa kapakumbabaan, hindi sa kung gaano kayo magiging kaiga-igaya.

Hindi ko ibig sabihin na gusgusin, ha. Ako—ang ibig kong sabihin ay mapagpakumbaba sa espiritu. Kita n'yo? Hindi ko ibig sabihin na basta—lumabas at . . . Pumunta para maghugas at maglinis. Iyon, dapat ninyong gawin 'yon. Alam n'yo 'yan. Kita n'yo?

Ngunit ang sinasabi ko ay tungkol sa kapakumbabaan, tunay na kapakumbabaan, hindi isang bagay na pakunwari. Isang bagay na, na totoong kapakumbabaan.

¹⁰³ Sinabi sa atin ni Jesus kung paano ito magagawa. Nagtagumpay Siya. Ibig sabihin. . . Ang *magtagumpay* ay nangangahulugang “matagalan ang pagsubok,” ganoon nga, gaya ng ginawa ng lahat ng mga banal noon; gaya ng ginawa ni Jesus: Sa kabila ng lahat ng Kanyang mga kaaway, natagalan Niya ang pagsubok. Lahat ng bagay na isinubok laban sa Kanya, natagalan Niya ito. Sa harapan mismo ng karamdaman, at Siya bilang Mesiyas, ay pinagaling Niya sila. Sa harapan ng kamatayan, Kanya itong binuhay na muli. Sa harapan ng Kalbaryo, ang Kanyang Sariling kamatayan, ginapi Niya ito sa pamamagitan ng pagsusuko ng Kanyang Sarili. Bakit? Sa pamamagitan ng Salita. Sabi, “Gibain ninyo ang Templong ito, at Aking itatayo sa loob ng tatlong araw.” Gayon nga ang sinabi ng Salita. Kita n'yo? At sa presensiya ng kamatayan, ay Kanya itong ginapi. Napagtagumpayan Niya ang kamatayan. Sa presensiya ng impiyerno, nagapi Niya ang impiyerno at napagtagumpayan ang impiyerno. Oo. Sa presensiya ng libingan, ay napagtagumpayan Niya ang libingan. Bakit? Ang Lahat ay sa pamamagitan ng Salita, at kapakumbabaan. Oh, naku! Hayan ang tunay na Tao. Hayan ang Isa na gawin ninyong halimbawa. Kita n'yo? Nagapi Niya ang lahat ng bagay, napagtagumpayan iyon.

¹⁰⁴ Tingnan. Para sa Kanya ang pagtukso. Alam n'yo ba iyon? Sinabi ng Biblia, “Tinukso Siya sa lahat ng anggulo na gaya rin natin, gayunma'y walang kasalanan.” Tinukso Siya sa pamamagitan—pamamagitan ng pag-inom. Tinukso Siya sa pamamagitan ng mga babae. Tinukso Siya sa pamamagitan ng lahat na ng bagay na maaaring ipanukso. Tinukso Siya sa lahat ng bagay gaya ng mga itinutukso sa atin. Isa Siyang Tao, at gayunma'y wala kayong mailalagay na marka sa Kanya. Siyanga, po.

¹⁰⁵ Ang *magtagumpay* ay nangangahulugang “ang makilala ang Diablo sa bawat isa sa kanyang mga pandaraya.” Maraming tao ang nagsasabi, “Walang Diablo. Isa lamang itong kaisipan.” Huwag ninyong paniwalaan 'yon. Mayroong isang tunay na Diablo. Kasing totoo niya kayo o ng sino man. Isang tunay na Diablo, at dapat ninyong makilalang totoo siya. Dapat ninyong malaman na isa siyang diablo. Pagkatapos, sa oras ding 'yon na iyong—iyong makilala siya, at malaman na siya'y isang diablo at laban siya sa iyo, kung gayon, para magtagumpay, dapat

ninyong makilala na ang Diyos na nasa inyo ay mas magaling at mas makapangyarihan kaysa sa kanya, na Yaong nasa inyo ay napagtagumpayan na siya. At, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, kayang-kaya mo siyang daigin. Amen. Hayan nga ang tunay na pagtatagumpay, kapag nakilala mo.

¹⁰⁶ Lilington ka, sasabihin, “Ginagawa ko ang *ganito* at ginagawa ko ang *ganoon*,” kung ganoon, hindi, ikaw—ikaw, talunan ka.

“Ngunit wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, na nangagsisilakad hindi ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.” Saka mo mapapagtanto na nagtagumpay ka na.

At alam n’yong isa siyang diablo. Hindi mo maaaring sabihin, “May sakit ako, at ako—ako—ako—hindi ako naniniwalang sakit ito.” Oh, siyanga, isa itong sakit. May kanser ka, ika’y “hindi naniniwala na isa itong kanser.” Isa nga itong kanser. Isa itong kanser.

Subalit, alalahanin, “Mas makapangyarihan Siya na nasa inyo kaysa sa kanya na nasa sanlibutan.” Dapat ninyong mapagtanto na ang Espiritu Santo na nasa inyo ay napagtagumpayan na ang bagay na ito. At Siya’y nasa inyo, at makapananagumpay kayo sa pamamagitan Niya. Talaga ngang makatwiran ’yan, eksakto sa paraan ng pagkakasulat sa Kasulatan. Ang pananagumpay!

Kailangan ko nang magmadali. Nakaka-apatnapu’t limang minuto na ako ngayon. Talagang lumalagpas na ako sa oras ngayon.

¹⁰⁷ Pansinin, magtagumpay! Ang Diyos na nasa inyo ay mas makapangyarihan kaysa doon sa nasa kanya. Ang diyos ng sanlibutan ay hindi kasing makapangyarihang tulad ng Diyos ng Kalangitan, na siyang nasa inyo, kung paanong hindi makatatagal ang kadiliman sa presensiya ng liwanag.

¹⁰⁸ Ngayon, hindi makatatagal ang kadiliman sa presensiya ng liwanag. Wala akong pakialam gaano man ito kadilim, papawiin ito ng liwanag. Hindi ito makatatagal. Luwalhati! Ngunit magdala ka ng gaano man kalaking kadiliman na naisin mo, at subukan mong tumagal laban sa liwanag minsan, tingnan mo kung ano ang mangyayari.

Iyan ang Siyang nasa inyo, ay Liwanag. At yaong nasa sanlibutan ay kadiliman. Kaya, pinatunayan ng Liwanag na pinananagumpayan nito ang kadiliman, at ang tao na na kay Cristo at nalalaman na napagtagumpayan na niya ang mga bagay ng sanlibutan. Amen. Wala na itong anumang gapos sa inyo, man lang. Malaya na kayo. “Magsilakad tayo sa Liwanag, na tulad Niyang nasa Liwanag, at nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo mula sa lahat ng kasalanan, at mayroon tayong pakikisama sa isa’t isa.” Hayan na.

¹⁰⁹ “Siya na nasa inyo ay mas makapangyarihan kaysa sa kanya na nasa sanlibutan.” Ngayon, kung lilingon kayo, ay hinatulan na kayo, kung gayo’y nananatili pa rin kayo sa sanlibutan. Subalit kung nabubuhay kayo nang mas mataas na diyan, kung gayo’y Siya na nasa inyo ay inakay na kayo sa itaas ng kadiliman.

Gaya niyaong liryo, nasa itaas na siya ng kadiliman ng putik. Nasa itaas na siya ng kadiliman ng maputik na tubigan. Nasa liwanag na siya, na ipinapakita ang kagandahan na inilagay sa kanya bago pa niya nilisan ang putik. Amen.

¹¹⁰ Ngayon ako—pakiramdam ko’y para akong isang humihiyaw na Cristiano. Kung ano ang naroroon na sa pamamagitan ng Diyos, noong pasimula, nagpumilit itong makahanap ng daan nito, na magtagumpay. Pinagtagumpayan nito ang kinababalutan. Pinagtagumpayan nito ang putik. Pinagtagumpayan nito ang tubigan. Pinagtagumpayan nito ang lahat na, at isang mananagumpay, at ipinakita ang kagandahan at Kaluwalhatian ng Diyos.

¹¹¹ Ganyang paraan ang ginagawa ng bawat mananampalataya. Ganyang paraan ang ginawa ni Noe. Ganyang paraan ang ginawa ni Lot. Ganyang paraan. Tingnan kung anong kaguluhan ang kanyang pinasukan. Ganyang paraan ang ginawa ni Moises. Ganyang paraan ang ginawa ni Josue. Ganyang paraan ang ginawa ni Daniel. Ganyang paraan ang ginawa nina Shadrach, Meshach. Ganyang paraan ang ginawa ni Juan Bautista; ni Zacarias, ni Elisabet. Ganyan ang paraan nitong si Simeon, ganyan ang paraan nitong si Anna, na ginawa ng bawat isa sa kanila. Pinagtagumpayan nila ang putik na nakapalibot sa kanila at nakakulapol sa kanila. Inilabas ang kanilang ulo nang mataas kaysa sa naturang bagay, at pinagningning ang Kaluwalhatian ng Diyos. Ganyan ang ginagawa ng isang tunay ng Cristiano.

¹¹² Alalahanin, ipinakita ni Jesus sa Kanya kung paano ito isinasagawa. Apatnapung araw ng tukso, tinukso Siya nang higit kaysa sinuman na maaaring tuksuhin, doon sa pagtukso kay Jesus Cristo. Masdan. Ipinakita Niya sa atin kung paano ito isinasagawa.

Ngayon magtatapos na ako, sa ilang sandali na lamang.

¹¹³ Tingnan. Ipinakita Niya sa atin kung papaano ito ginagawa. Paano Niya ito ginawa? Sa pamamagitan ng Salita. Ganoon Niya ito ginawa, sapagkat Siya ang Salita. At sinabi ni Jesus, “Kung kayo’y magsisipanatili sa Akin, at ang Mga Salita Ko sa inyo,” bumalik ulit kayo sa Salita, ang Salita ng pangako. Ano ang Salita ng pangako sa bawat Cristiano? “Higit na makapangyarihan Siya na nasa inyo kaysa doon sa nasa sanlibutan.” Kung gayon papaano ako makapananagumpay? Hindi ako, kundi ang Salita na nasa sa akin. Ang Salita ay

Diyos. Kung gayon ay mapananagumpayan ko ang mga bagay ng sanlibutan, dahil ang Salita na ito na nasa akin. “Kung kayo’y magsisipanatili sa Akin, ang Mga Salita Ko sa inyo, kung gayo’y hingin lang ninyo ang anumang inyong ibigin.” Basta magpatuloy na tumutulak paitaas. Patungo ka na sa itaas, na kasing tiyak ng ano pa mang bagay. Kita n’yo? Kailangan ninyong makarating sa itaas.

¹¹⁴ Ang apatnapung araw ng pagtukso sa Kanya, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ay napagtagumpayan Niya. Nais kong ihayag ang isang bagay dito sa ilang sandali lang. Gumawa si Satanas ng tatlong malaking pagsalakay sa Kanya sa pagtukso ng iyon. Masdan. Ito’y laging nasa tatlong iyon. Huwag itong kalilimutan. Kita n’yo? Gumawa siya ng tatlong malaking pagsalakay, mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa. Sinubukan niya ang lahat ng makakaya niya upang magapi Siya. Ngunit Siya ang Salita. Amen. Ano ang ginamit Niya? Ang Sarili Niya, ang Salita. Ang tatlong malaking pag-atake ni Satanas o pagsalakay sa Kanya, subalit hinarap Niya iyon sa pamamagitan ng Salita. Bawat pag-atake, napagtagumpayan Niya iyon sa pamamagitan ng Salita. Masdan ito ngayon, magmula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa.

¹¹⁵ Ang unang inatake niya, upang gamitin ang dakila Niyang kapangyarihan. Na, batid Niyang Siya ang Salita. Batid Niya ang Kanyang katayuan. Naniniwala ba kayong alam nga Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Ako na Anak ng tao.” Alam Niya ang Kanyang katayuan. At dumating si Satanas at gustong ipagamit sa Kanya ang Kanyang Sariling kapangyarihan sa Kanya Mismo, upang pakanin Siya, gustong pakainin ang Kanyang Sarili. Noo’y nagugutom Siya. Pagka nagutom ang isang tao, magagawa niya halos ang kahit ano. Magnanakaw siya, manloloob, mamamalimos, mangungutang, kahit ano. Kita n’yo? May ganoon siyang katakawan. At ginamit ni Satanas ang kanyang unang malaking pagsalakay sa Kanya, upang kunin ang Kanyang kapangyarihan na ibinigay sa Kanya para magtagumpay at gamitin iyon sa Kanyang Sarili. Hindi Niya iyon ginamit sa Kanyang Sarili. Hindi. Ginamit Niya iyon sa iba. Tama ’yon. Ginamit Niya iyon sa iba, hindi sa Sarili Niya. Hindi iyon para sa Kanya. Bagama’t, magagawa naman Niya ’yon. Tiyak ngang magagawa Niya ’yon.

¹¹⁶ Pero kita n’yo kung paano ang ginagawa ng Diablo? Gusto ng Diablo na sundin n’yo siya. Sinunod lamang Niya ang sinabi ng Ama na gawin. Tama ’yon.

Sabi niya, “Aba,” sabi ni Satanas, “nasusulat, ‘Ibibilin Niya sa Mga Anghel. . .’”

¹¹⁷ Sabi Niya, “Oo, subalit nasusulat din naman. . .” Kita n’yo? Hayan na. Kita n’yo? Alam Niya kung Sino Siya. Ginawa ni Satanas. . .

Mas malalim ang tinatakbo ng Kaisipan kaysa sa isinulat Nito. Kita n'yo? Ito'y inspirasyon. Nasa loob Nito ang laman, nakita n'yo, kung ano talaga Ito.

¹¹⁸ Bagama't magagawa naman Niya iyon, hindi Niya 'yon ginawa. Kundi Siya—hindi Niya pinagtuunan ng pansin ang mungkahi ni Satanas.

Ngayon, heto ang isang mabuting bagay. Kita n'yo? Kung minsan madadala kayo ni Satanas, at kapag iniisip n'yo na ginagawa ninyo ang kalooban ng Diyos, at magagawan kayo ng isang mungkahi, mahuhulog kayo dito. Siyanga, po. Tiyak ngang magagawa niya.

¹¹⁹ Ngayon kunin lang natin, halimbawa, gaya ng mga kapatiran nating babae. Magaganda sila. At kaya niya kayong dalhin sa isang punto, na, pahahabain ninyo ang inyong buhok, nang hindi n'yo namamalayan. Napakaganda nitong tingnan sa inyo, at, biglang malalaman n'yo na lang, kayo'y nagiging para bang nakakaramdam ng kaunting pagmamataas, medyo mas mataas sa iba pa. Ang ilan sa inyo na mga kalalakihan, alam n'yo kung ano'ng ibig kong sabihin. Kita n'yo? At magagawa niyang kunin ang bagay ring iyon at imungkahi ito sa inyo. Tama 'yon. Dapat ninyong mapagtagumpayan 'yon.

Alalahanin lamang, nabubuhay kayo para sa Diyos. Mayroon kayong isang layunin, at iyon ay si Jesus Cristo. Liban pa diyan, wala nang iba pang mahalaga. Iyon ay Siya. Tapos, pangalawa, para sa pamilya n'yo. Pagkatapos, pangatlo, para sa inyong sarili. Ngunit, una, para sa Diyos; sumunod, para sa inyong pamilya; at sumunod, para sa inyo. Pangatlo kayo; iyon na ang hangganan. Ihuli n'yo ang inyong sarili; ginawa Niya iyon.

¹²⁰ Tingnan n'yo kung ano ang maaari naman Niyang gawin. Sabi, “Magagawa Kong tawagin ang Aking Ama, makipag-usap sa Kanya, pagdaka'y padadalhan Niya Ako ng labindalawang pulutong ng Mga Anghel.” Gayong, ang isa sa kanila ay kayang wasakin ang mundo. Sabi, “Kung ang Kaharian Ko ay ang sanlibutang ito, kung gayon ang aking mga nasasakupan nga ay makikipagbaka. Subalit ang Kaharian Ko ay sa Itaas.” Hayan na. Kita n'yo? Maaari naman Niyang gawin iyon, pero hindi Niya ginawa. Kita n'yo? Bagama't, maaari naman Niyang gawin ito. Hindi Siya kailanman nakinig sa mungkahi ni Satanas.

¹²¹ Ngayon, narinig n'yo na bang sinabi ng mga tao, “Kung—kung naniniwala kang may—may isang Makalangit na tagapagpagaling...Kung isa kang Makalangit na tagapagpagaling...Sunduin mo ang Makalangit na tagapagpagaling mo. Mayroon ako ritong isang lalaki, na may sakit. Gusto ko siyang makitang pagalingin ito.” Nakita n'yo ba ang Diablo ring iyon? [Sinasaki ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sinusubukan niyang magmungkahi sa iyo.

Pinipilit ka niyang makinig sa kanya sa halip na sa Diyos. Ngunit ang isang tunay, na totoong lingkod ng Diyos ay makikinig at titingnan kung ano ang sinasabi ng Ama, muna. Kita n'yo?

¹²² Gaya ng munting sanggol na Stadskev, nang nagpadala sila dito. At sabi ni Gng. Stadskev, “Kapatid na Branham, tumawag ako mula sa Alemanya.” May isang hukbo ng Amerika, na nakalapag ang isa nilang eroplanong jet dito sa paliparan, na isasakay ako patungo sa Alemanya at pabalik, sa loob ng isang araw. Ang kanyang asawa ay isang kapelyan. At nakahimlay ang sanggol, na patay na. At nagsisisigaw 'yung munting ina, sabi niya, “Makinig!” Sabi, “Alam ko. Nakatayo mismo ako doon at nakita ang babaeng iyon na hawak-hawak ang patay na sanggol na iyon sa kanyang mga bisig, na namatay nang umagang iyon. Nakita kong naglakad patungo roon si Kapatid na Branham, ipinatong ang mga kamay doon sa patay na sanggol, at nabuhay ito.” Sabi, “Anak ko ito, Kapatid na Branham.” Hindi pa namamatayan sa kanilang pamilya. Kita n'yo? At ang munting sanggol na ito ay nagkasakit isang umaga at namatay nang hapong iyon.

Narito silang lahat na nakatayo sa buong palibot, at nagsisipagbigay ng mga propesiya at mga ganung bagay, “Mabubuhay ang sanggol,” at lahat ay ganoon.

¹²³ Sabi ko, “Buweno, talagang napakabuti niyan, Kapatid na babaeng Stadskev. Pero tingnan ko muna kung ano ang sasabihin ng Ama.”

Nagtungo ako sa kakahuyan. At nanalangin ako. Muling pumasok sa loob; tumawag siya nang dalawa o tatlong beses bago ako nakabalik nang sumunod na umaga. Walang kahit ano.

Sabi ng doktor, “Buweno.” Sabi, “Kung ganyan nga, kung mayroon kang pananampalatayang ganyan, ginang, hindi namin palalabasin ang sanggol sa ospital. Hayaang nakahimlay lang ito dito. Manatili ka lang dito kasama nito. Ayos lang 'yon.”

Nagpunta si Kapatid na Stadskev at nakipagkita sa komandante ng hukbo. Sabi nila, “Sige. Ililipad namin siya doon at ihahatid pabalik.”

¹²⁴ At nakahanda na roon ang eroplano, naghihintay, para dalhin ako doon nang umagang iyon at ihatid ako pabalik nang gabi ring iyon, sa Alemanya, sa Heidelberg, Alemanya, para sa muling pagkabuhay ng sanggol na ito. Sabi ko, “Tiyak, na magagawa 'yon ng Diyos, pero tingnan muna natin kung ano ang kalooban Niya.”

¹²⁵ Pagkatapos ay lumabas ako, nanalangin nang magdamag. Walang nangyari. Bumalik nang sumunod na umaga; walang nangyari. At papasok na ako sa kuwarto. Noon din tumingin ako doon, at naroroon ang Liwanag na iyon na nakalutang doon sa may pintuan. Sabi, “Huwag mong galawin iyon. Huwag mong sawayin 'yon. Kamay iyon ng Diyos.”

¹²⁶ Tinawagan ko siya sa telepono. Sabi ko, “Kapatid na babaeng Stadskev, ilibing mo na ang anak mo. Ito’y kamay ng Panginoon. Kalooban ito ng Diyos. May kung anong mangyayari sa sanggol na iyan sa pagtakbo ng panahon. Hayaan mo na itong magtungo kung saan nalalaman ng Diyos kung nasaan ito. Mapupuntahan mo na ito ngayon. Nabubuhay na ito, ika’y hindi. Hayaan mo na ito nang ganyan.”

¹²⁷ Ang dakilang mangangaral na ’yon na Lutheran sa Alemanya ay sumulat ng isang liham at ang sabi, “Lubos kong hinahangaan, kung ano, si Kapatid na Branham na naghihintay para doon sa malinaw na pasya ng Diyos, bago siya nagsabi ng anuman.”

Ganoon nga. Manghawakan sa pasya ng Diyos. Maging ano pa man ang sabihin ng iba o maging anuman ito, huwag makipagmungkahi kay Satanas, kailanman.

¹²⁸ Kung sasabihin ni Satanas, “Ngayon, ang bautismo sa tubig, pangalan ng ‘Ama, Anak...’” Kung ganyan, na magmumungkahi man siya, layuan mo ito. Kabaliktaran ang sinabi ng Diyos. Kung sasabihin niya, “Isa kang mabuting lalaki, hindi mo na kailangang maging... Isa kang mabuting babae, hindi mo na kailangang gawin...” Huwag kang makipagmungkahi. Kung iba ang sinabi ng Salita, manatili ka sa Salita maging ano pa man ito. Iyan ang halimbawang ibinigay ni Jesus sa inyo, at hayan ang pangunahing pagsalakay, kita n’yo, na ginawa niya sa Kanya.

¹²⁹ Pagkatapos, ang pangalawang pagsalakay. Bibilisan ko na. Sadyang para bang talagang napakabilis lumipas ng oras. Ang sumunod na malaking pagsalakay ay, na ginawa niya sa Kanya, na Siya ay magiging isang pasikat.

At kung gaano nga niyon tinitira ang mga lingkod ng Diyos, na maging pasikat, na ipakita kung ano ang kaya mong gawin. “Luwalhati sa Diyos! Aleluya! Isa akong tagapagligtas! Ako’y *ganito*.” Kita n’yo? Kita n’yo?

¹³⁰ “Umakyat Ka dito, sa ituktok ng templo, at maupo dito.” Tinukso niya Siya na gawin iyon. Ngayon, alalahanin, tinukso Siyang gawin ito, nang sobra. Sabi, “Ngayon, kung nais Mong maging kilala sa harap ng mga tao, tumayo Ka dito sa templong ito, tumalon Ka.” Kita n’yo? “Magbibigay ako sa Iyo ng Kasulatan para dito, dahil nasusulat, ‘Siya’y magbibilin sa Kanyang Mga Anghel tungkol sa Iyo, baka, anumang sandali, ay matisod ang isang paa sa isang bato. Aalalayan Ka Niya.’” Upang gawin Siyang isang pasikat, upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan.

¹³¹ Walang tunay na lingkod ng Diyos ang gagawa niyan kailanman. Kung makakita kayo ng isang lalaking nagyayabang, na nakaliyad ang kanyang dibdib, at lahat nang gaya niyan, tandaan lang, may kung anong mali doon. Hindi. Ayaw ’yan

ng Diyos. Ipinakita ni Jesus ang halimbawa. Maaari naman Niyang gawin iyon. Tiyak nga na kaya naman Niyang gawin iyon, ngunit hindi Niya 'yon ginawa. Walang lingkod ng Diyos na isang pasikat, ng kanyang sarili, para subukang gamitin ang kapangyarihan ng Diyos at ipakita na nakahihigit ang kanyang sarili kaysa sa iba pa.

¹³² Naaalala ba ninyong ginawa iyon ni Moises? Naaalala n'yo ba 'yon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Binigyan siya ng Diyos ng kapangyarihan na gawin ano man ang kanyang naisin; ginawa siyang isang propeta. Naglakad siya patungo sa Batong iyon, at hinampas niya ang Bato nang ikalawang beses. Taliwas iyon sa kalooban ng Diyos.

Sabi ng Diyos, "Mangusap ka sa Batong iyon. Huwag mo na uli itong hahampasin. Sisirain mo ang lahat ng—lahat ng—ng tipo dito. Minsan lamang hahampasin ang Bato." Subalit ipinapangusap niya na may kahinaan ang Salita nang gawin niya iyon; na hindi Iyon sapat. Siyanga. Ang Salita yaong nagaganap noon. Ang Batong iyon ay ang Salita. Kita n'yo?

¹³³ Siya, unang beses, hinampas niya ang Bato at lumabas ang mga tubig. At pagkatapos ay muli silang nauhaw. Sabi Niya, "Ngayon bumalik ka na at magsalita sa Batong iyon." Minsan lamang ito hinampas. Kita n'yo?

"Ang hindi pagiging sapat ng Salita," pinatotohanan ito ni Moises. "Hindi sapat ang Salita; kinailangan Siyang hampasing muli."

¹³⁴ Kaya bumaba doon si Moises at hinampas ang Bato nang paganoon, sabi, "Lumabas ka!" Hindi lumabas, kaya hinampas niya itong muli, at sabi, "Lumabas ka! Inuutusan kitang lumabas." At lumabas ang mga tubig.

¹³⁵ Sabi ng Diyos, "Umakyat ka rito. Pumarito ka. Niluwalhati mo ang sarili mo. Ginamit mo ang kapangyarihan Ko; na sa halip na ipakita na Ako'y banal, binanal mo ang iyong sarili. Ngayon hindi ka na makapaparoon sa lupain. Tumingin ka roon, tingnan mo kung anong itsura nito; ngunit, dito, lilisan ka na mismo rito." Oh, naku! Hindi na nagkaroon pa ni isa mang tulad ni Moises, alam ninyo. Hindi, hindi na.

¹³⁶ Nang makipagpaligsahan siya roon kay Jesus, sabi niya, "Pumanhik ka sa templo rito at magpatihulog."

¹³⁷ Sabi Niya, "Nasusulat," amen, "Huwag mong tuksuhin ang Panginoon mong Diyos." Kita n'yo? Hinarap Niya siya sa pamamagitan ng Salita, iyon, bawat malaking pagsalakay.

¹³⁸ Walang tunay na lingkod na nagsusumikap na ipagpasikat ang kanyang sarili kailanman, na gamit—gamit ang kapangyarihan ng Diyos. Kapag ginawa niya, natalo na siya doon mismo.

¹³⁹ Ang pangatlong malaking pagsalakay, inialok ni Satanas na ibigay ang kahariang ito sa Kanya. Ginawa nga niya. Sabi ni Satanas, “Nakikita Mo ba itong mga kaharian ng sanlibutan? Akin ang mga ito. Ginagawa ko sa mga ito ang anumang maibigan ko. Ibigay ko ang mga iyan sa Iyo.”

Subalit, alalahanin, sinusubukan niyang ipakuha ito sa Kanya nang wala ang krus. Kung ginawa nga Niya, mapapahamak tayo. Maaari naman Niyang kunin ang kaharian. Subalit kailangan Niyang sundin ang . . . Dapat Siyang bumalik. Tinukso Siyang gawin iyon, ngayon. Mahirap na bagay ang kamatayan. Tinukso Siyang gamitin ang Kanyang kalayaan at maging Hari ng lupa, nang wala ang krus. Subalit, kung ginawa nga Niya, namatay na sana ang Kanyang mga nasasakupan. Tuwang-tuwa sana marahil si Satanas na gawin ang mungkahing iyon sa Kanya. Subalit sabi Niya, “Layuan mo Ako, Satanas.” Hindi Niya ginawa iyon.

¹⁴⁰ Naparito Siya at nagbata, at pinili ang mahirap, na baku-bakong daan. Pinili Niya ang daan ng pag-uusig. Pinili Niya ang daan ng kamatayan.

Tayo ba, sa umagang ito, ay handang gawin, piliin ang daan ding iyon na Kanyang dinaanan? Handa ba tayong mamatay? Handa ba nating ipagkaloob ang ating mga sarili sa Diyos, talikdan ang buong sanlibutan at ang mga bagay-bagay, upang maglingkod para sa Kanya? Kita n’yo?

¹⁴¹ Ngayon, hindi Niya nagawa iyon. Ang kusang-loob na—na tatalikdan ito, na inaalok ni Satanas, sa Kanya. Pero hindi Niya iyon ginawa. Bagama’t tinukso si Jesus, ay nagtagumpay Siya para sa atin. Kanyang—tiniis Niya ang lahat ng mga tukso para sa akin at para sa iyo. Kita n’yo? Maaari naman Niyang kunin iyon noon din. Ngunit para saa’t pinili Niya ang ibang daan? Para makalapit tayo, makasama Siya. At kung binayaran Niya ang ganoong halaga, kung gayo’y gaano na lamang tayo kaliit na hindi ito tanggapin? Gayong, alalahanin, wala naman ditong kahit ano, magkagayun man.

¹⁴² Kung mabuhay ka ng isang daang taon, saan ka hahantong? Ang isip, at wala ka na sa katinuan, na nagkapingkaw-pingkaw na, at matanda na’t nanginginig. Diyan ka hahantong, at iyon na ang katapusan niyon. Lumapit ka na ngayon, panagumpayan ang naturang bagay. Paano mo iyon gagawin? Sa pamamagitan ng Salita. Kung ano ang sinasabi ng Salita, gawin mo iyon. Lumakad nang may kapakumbabaan. Mabuhay ka sa harapan ni Jesus.

¹⁴³ Pinagtiisan Niya ang lahat ng bagay para sa iyo at sa akin. Siya ang ating halimbawa kung paano mapananagumpayan ang ating masamang henerasyon, kung paanong napagtagumpayan Niya ang Kanyang masamang henerasyon.

¹⁴⁴ Alalahanin, nang pumarito Siya sa lupa, naroon na ang ganung napakaraming kawalan ng pananampalataya, o higit pa, kaysa mayroon sa alin mang panahon. Hindi Siya nito nabagabag ni katiting man. Nang tawagin nila Siyang diablo sa halip na Diyos, nang tawagin nila Siya ng lahat na ng bagay na maaaring magawa, hindi Siya nito nabagabag ni katiting man. Mayroon Siyang isang layunin: “Sundin ang Ama. Tuparin ang Salita.” Ang Salita ay Diyos. Mayroon Siyang isang hangarin.

¹⁴⁵ Minsa’y natutukso tayong bumalik. Marami sa inyo, ang natutuksong bumalik sa denominasyon, bumalik at piliin, dahil ang buong mundo’y nagsasabi, “Sa anong denominasyon ka nakabilang? Ano’ng iglesya ang kinaaaniban mo?” Natutuksong tayong gawin iyan; lahat tayo. Natutuksong bumalik ang mga kapatiran nating babae, bumalik at umanib sa ilan sa iba pang mga iglesya, sa ilan sa mga Assemblies, o sa mga church of God, o sa ilan sa mga iyon; gayun ma’y nananatili pa ring Pentecostal, pinapuputulan ang inyong buhok, at nagbibihis na lamang basta sa anumang paraang maibigan ninyo. Kita n’yo? Natutuksong kayong gawin iyan, ang bumalik at maging sikat sa masamang henerasyong kinabubuhayan natin.

Gayong, ito ang pinakamalaking kasalanan ng panahon natin. Ito ang pinakamalaking kasalanan ng bayan natin, kamunduhan, gaya nga ng sinabi ng Biblia na ang Laodi- . . . ang Kapanahunan ng Laodicea ay ganoon nga. Siya’y makamundo, “Mayaman, hindi nangangailangan ng anuman; hindi nalalaman na siya’y hubad, maralita, aba, at bulag.” Iyan ang kasalanan ng panahon natin. Kapag narinig mo ang Salita ng Diyos na tumatawag laban dito, pagkatapos ay pinipili mo ang ibang daan, ayaw na sa iyo ng sanlibutan. Natutuksong kang bumalik.

¹⁴⁶ Alam ko. Patuloy ninyong sinasabi sa akin. Alam kong sinasabi ninyo, “Palagi na lang.” Alam kong nagsasawa na kayo sa kauulit-ulit ko sa mga bagay na ito. Nagsasawa rin naman akong nakikita kayong ginagawa ito, rin naman, tama ’yan, ang tungkol sa kasalananang ito na sinisikap kong sabihin sa inyo. Sinasabi, “Para sa ano ba’t inuulit-ulit mo ito?” Itigil n’yo na ang paggawa nito, kung gayon. Sinisikap kong iligtas ang buhay ninyo, sa pamamagitan ng Salita. Nagsasawa na ako, din naman. Kaya, umayos na lamang kayo. Isa itong kasalanan, hindi dapat ginagawa. Siyanga, po.

¹⁴⁷ Kailangan nating mapagtagumpayan ang mga bagay na ito. Inaasahan natin ang panunukso nila, ng sanlibutan. “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, ang mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos,” sabi ni Jesus.

¹⁴⁸ Ngayon sadyang magtatapos na tayo, at sasabihin ito. May isang gantimpala para sa magtatagumpay.

¹⁴⁹ Hayaang basahin ko ang isang bagay dito sa inyo. Buksan ang inyong mga Biblia. Bumalik tayo sa Apocalipsis, ang ika-

3, ang ika-2 kabanata. Masdan dito ngayon, ang lahat ng mga bagay na ito na ipinangungusap ko, upang magtagumpay. Ngayon tumingin lamang sa inyong mga sarili at alamin. Suriin ang inyong mga sirili sa espirituwal na salamin, tingnan kung magtagumpay na kayo.

¹⁵⁰ Ngayon, ang unang mensahe, sa—sa anghel ng Efeso, nais kong makinig kayo sa sinabi Niya. At sa Apocalipsis, ang ika-2 kabanata, ang ika-7 talata. Para ito sa kapanahunang iyon ng iglesya, nang Kanyang sabihin sa kanila ang lahat ng kanilang ginawa, na “Iniwan ang kanilang unang pag-ibig.” Ika-7 talata:

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay (ang tao, hindi ang iglesya). . . Ang magtagumpay—magtagumpay ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa paraiso ng Dios.

Kita n'yo? Ang mga mananagumpay sa Efeso.

¹⁵¹ Ngayon, ang sumunod ay ang Smirna. Ngayon, sa mga mananagumpay doon, makinig tayo dito. Ngayon, ang ika-11 talata.

Sa may—may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.

Kita n'yo? Napanagumpayan nila ito.

¹⁵² Ngayon, iyan, tumingin ngayon sa Pergamo, makikita natin kung ano ang iniwan ng mananagumpay para sa kanya, dito. Babasahin natin ang ika-17 talata, para sa iglesya sa Pergamo.

Ang may pakinig, . . .

Iyon, 'yun ang indibiduwal, hindi ang buong pangkat. Ang indibiduwal, iyon ang Nobya na papalabas, nakita n'yo, ang Iglesya.

Hayaang ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.

Iyon ang mananagumpay, ng naturang kapanahunan ng iglesya.

¹⁵³ Ngayon, ang sumunod ay ang Tiatira. Alamin natin kung ano'ng mayroon ang mananagumpay sa panahong iyon. Kunin natin ang ika-26 na talata.

At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: (Tama 'yon.)

At . . . sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal; at gaya ng pagkadurog ng isang sisidlang lupa ng magpapalayok: gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama.

Kita n'yo, "Kasama Niya, sa Kanyang luklukan." Paghaharian ni Cristo ang mga bansa, sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal. At narito ang Iglesia na nagtagumpay, "Nakaupo roon, kasama Niya, upang wasakin ang mga bansa sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal."

¹⁵⁴ Ngayo'y dalhin natin ang mga iyon sa iglesya sa Sardis. Ngayon ang ika-5 talata ng ika-3 kabanata.

Ang magtagumpay, ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at ng banal na mga anghel.

Iyan ay para sa mananagumpay sa Sardis.

¹⁵⁵ Ngayon, kunin natin ngayon ang ika-12 talata. Ngayon, para ito sa iglesya ng—ng Filadelfia, sa ika-12 talata.

Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang aking pangalan, ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa . . . Dios: at ang aking sariling bagong pangalan.

¹⁵⁶ Masdan kung ano ang ipinangako sa mananagumpay. Kita n'yo?

Ngayon, ngayon ang Laodicea, iyan ang huling kapanahunan ng iglesya. Magkakaroon ng ilang mga mananagumpay doon. Masdan dito. Sila, alalahanin, bawat kapanahunan ng iglesya, ang bawat kasunod ay magtataglay ng lahat ng ipinagkaloob sa naunang iba pa. Masdan dito. Ngayon, dito, ito'y matapos nilang matanggap na ang lahat ng mga kapangyarihang ito, ang mga bagong pangalan na ito, at lahat ng nasusulat, na ipinangako Niya, at kinain ang mannang natatago, at hanggang sa huli. Masdan ang huling kapanahunang ito ng iglesya, Apocalipsis 3:21.

Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, (amen), gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

¹⁵⁷ Mayoong gantimpala para sa mga mananagumpay. Magpatuloy ka, liryo. Kung ito'y nasa iyo, isantabi ang putik at

lahat ng iba pa, at magpatuloy na tumulak paitaas. Siyanga, po. “Upang umupong kasama Ko sa Aking luklukan.”

¹⁵⁸ Alam ninyo, isang beses, ang ina nina Santiago at Juan. . . Wala na tayong oras para basahin ito. Dumating ang ina nina Santiago at Juan at hiniling ang puwestong ito. Alam n’yo ba iyon? Naaalala n’yo iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Panginoon, hayaang maupo ang aking anak sa isang tagiliran, at ang isa pang anak ko na maupo sa kabila.” Hayan ang hangarin ng isang ina para sa kanyang anak.

Subalit masdan. Subalit, “Ang puwestong iyon,” sabi ni Jesus, “ay itinalaga.” Ang kalagayang ito ay wala pa nang panahong ’yon. Bakit? Pansinin. “Ipagkakaloob ito sa kanila na mga itinalaga para dito.” Ano? Yaong mauupo sa kanang dako, at ang isa pang pinakamalapit sa Kanya, ay hindi pa isang nagtatagumpay. Kita n’yo? Ito’y nananatili pang. . . Sabi Niya, “Ako—hindi Ako ang nagkakaloob nito. Hindi Ko ito maipagkakaloob, subalit ipagkakaloob ito matapos na dumating ang pagsubok.” Amen. Kita n’yo? “Hindi Ko ito maipagkakaloob. Subalit pagkatapos na dumating na ang pagsubok, ay mauupo sila sa kanang dako at sa kaliwa. May itinalagang binhi na naghihintay doon para diyan. Ipagkakaloob ito sa mga pinangakuan nito. Ipagkakaloob ito doon, subalit hindi pa dumarating ang pagsubok; na, hindi pa siya nagtatagumpay.” Kita n’yo?

¹⁵⁹ Ang tao na lulugar sa puwestong ito sa isang tagiliran, at ang isa pa na lulugar dito sa kabilang tagiliran, na katabi Niya sa Kaharian, hindi pa iyon naibibigay, kita n’yo, hindi pa napagtagumpayan. Hindi pa dumarating ang pagsubok. “Ito ay darating sa hinaharap.”

“Kung tayo ay magtitiis para kay Cristo at sa Kanyang Salita, tayo ay maghaharing kasama Niya, sapagkat Siya ang Salita.” Alalahanin, “Kung magtitiis tayo para sa Kanya at sa Kanyang Salita, maghahari tayong kasama Niya, sa Kanyang Salita.”

¹⁶⁰ Pansinin. Siya, na ating halimbawa, ay nagtagumpay, at pagkatapos ay umakyat, matapos Niyang mapagtagumpayan ang kamatayan, impiyerno, sakit, libingan. Lahat ng bagay, ay napagtagumpayan Niya. “Pagkatapos ay umakyat Siya, at dinalang bihag ang pagkabihag, nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.” Iyon ang Lumang Tipan, kasama ang mga banal sa Lumang Tipan na nagtagumpay. Hinintay nila ang isang Taong ganoon, at pumanaw na sila bago pa man Ito nakarating doon. Subalit nang dumating na ang Taong ito, “Hindi Ito nauna sa mga nangatutulog.” Amen. Walang pagkatalo, paano’t paano man. Mabuhay man o mamatay, ano’ng kaibahan ang magagawa nito? “Hindi mauuna.” Kita n’yo? Hinintay nila iyon.

¹⁶¹ Maging si Job man noon doon, ay hinintay din niya ito. Sabi niya, “Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay buhay, at Siya’y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan.” Hayan ang isang matuwid na tao, isang sakdal na tao. Naghandog siya ng hain. Ginawa niya ang lahat ng bagay na sinabi sa kanya ng Diyos na gawin. Ginawa niya iyon nang may pagpipitagan at paggalang. Isa siyang propeta. At pagkatapos ay dumating si Satanas, upang tuksuhin siya. (Gaya ng dumarating siya upang tuksuhin kayo.) Ano’ng ginawa niya? Nanatili siyang naroroon.

Lumabas pa nga ang asawa niya, sabi, “Ba’t hindi mo pa itakuwil ang Diyos at mamatay na? Mukha kang kawawang-kawawa sa pagkakaupo mo diyan.”

¹⁶² Sabi niya, “Ikaw ay nagsasalita na gaya ng isang hangal na babae.” Ngayon, hindi niya sinabi kailanman na isa siyang hangal, kundi nagsasalita siya na gaya ng isang ganoon. Kita n’yo? Sabi, “Ikaw ay nagsasalita na gaya ng isang hangal na babae.” Sabi, “Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-alis; purihin ang Pangalan ng Panginoon.” Nagtagumpay siya.

¹⁶³ Napagtagumpayan niya kung ano pa man ang sinasabi ng kanyang mga kapitbahay. Napagtagumpayan niya kung ano pa man ang sinasabi ng lahat ng kaanib ng iglesya, ni Bildad at nilang lahat. Napagtagumpayan niya ang obispo at kung ano pa man ang sinasabi nito. Napagtagumpayan niya ang kardinal at kung ano pa man ang sinasabi nito. Napagtagumpayan niya ang denominasyon, kung ano pa man ang sinasabi nila. At nanatili siya sa pag-aaring-ganap ng Salita. Amen. Gayunman, naging kabayaran nito sa kanya ang lahat ng mayroon siya, maging ang kanyang mga anak. Kinakayod niya ang bukol gamit ang isang piraso ng palayok, na nakaupo rito, at gayunma’y nanagumpay siya. At nang ang dakilang oras na iyon ng pagtukso ay lumipas na sa wakas, nang magkagayo’y nahawi na ang mga ulap.

¹⁶⁴ Tumingin siya sa bawat makatwirang bagay. Sabi niya, “May pag-asa sa isang punongkahoy kapag namatay ito; mabubuhay itong muli. At ang isang binhi ay mahulog sa lupa, ito’y mabubulok; mabubuhay itong muli. Ngunit ang isang tao ay nabubuwal at nalalagutan ng hininga; siya ay natutunaw. At ang kanyang mga anak ay nagsisilapit, ang kanyang mga anak na lalaki, upang parangalan at upang tangisan siya; hindi niya iyon nalalaman. Hindi na siya bumabangon pa. Oh, hayun siya. Ano’ng nangyayari? Isa akong binhi, rin naman. Ako’y isang kung ano, na isa itong binhi, at ako’y mababaon sa lupa. Hindi na ako makakabangon pa. Hihimlay ako doon. Oh, ikubli Mo ako sa sheol, ingatan ako sa lihim na dako hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan. Takdaan Mo ako ng isang panahon at hatulan ako. Habang nauukit ang mga bato, inuukit ng tubig ang mga bato.” Oh, nagpatuloy siya, na sinasabi ang lahat ng mga bagay na ito.

Nakikita niya ang lahat ng mga halimbawa doon, kung ano iyon. Oh, sadyang hindi niya iyon maunawaan.

¹⁶⁵ At, Kapatid na babaeng Rodgers, naalaala mo noong ipangaral ko iyan sa libing ni Busty. Kita n'yo?

¹⁶⁶ Kung papaano, na, “Kanyang inuukit ang bato,” kung papaano ang mga bagay na ito. “Oh, O Iyong, ikubli ako sa sheol, at ikubli ako sa lihim na dako.” Patuloy pa rin siyang nagpumilit. Sabi niya, “Sana’y alam ko. Sana ay alam ko kung saan ako maaaring magtungo, sa isang Lalaki na mailalagay ang Kanyang mga kamay sa akin, na isang makasalanang tao, at sa isang banal na Diyos, at makipag-usap sa Kanya para sa akin.” Oh, naku! “Naroon Siya. Alam kong Naroroon Siya. May Isa Doon na makagagawa niyon. May Isa sa kung saan man. Saan ko kaya masusumpungan ang Taong iyon? Saan ko kaya masusumpungan? Ako’y tutuktok sa Kanyang pintuan at makikipag-usap sa Kanya. Kung may Isa lamang sana na mailalagay ang Kanyang kamay sa akin, at sa Diyos, at—at magdudugtong sa daan para sa akin, makikipag-usap! Kung masusumpungan ko lamang ang Taong iyon! Oh, saan kaya Siya naroon?”

¹⁶⁷ Naghanap siya sa kanyang iglesya. Naghanap siya sa kanyang organisasyon. Hindi siya makasumpong ng ganoong Tao.

¹⁶⁸ At bigla-bigla, nahawi ang mga ulap, at nakita niya ang Taong iyon na paparating. Oh! Kumabog ang kanyang matandang puso sa kagalakan. Pagkatapos ay may isang bagay na naganap. “Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay buhay. May isang Taong gayon.” Amen. Mayroon pa ring isang Taong gayon. “Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay buhay. At bagama’t, pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman, Siyang makikita ko ng sarili. Siya’y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan.”

¹⁶⁹ Noong umaga ng Paskuwa, nang bumangon Siya doon, at ang katawan ni Job ay wala na kundi isang kutsara na lamang ng abo, naghihintay siya. Siya yaong hinirang na Pangkat. Bumangon Siya mula sa libingan at pumasok sa bayan, kasama sina Abraham, Isaac, Jacob, Job. Oh, naku! Amen. Sapagkat, naghintay sila ng isang Taong gayon.

¹⁷⁰ “At para sa mga naghihintay kay Cristo sa ikalawang pagkakataon,” na makapananagumpay sa mga bagay ng sanlibutang ito, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, upang makapasok sa Kanya, at ipipikit ang inyong mga mata sa iba pang bagay liban sa Kanya at sa Kanyang Salita, “Magpapakita Siya sa ikalawang pagkakataon sa Kaluwalhatian.”

“Sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, ang mga namatay kay Cristo ay babangon; ang mga nabubuhay at natitira

ay babaguhin, sa isang sandali, sa isang kispang-mata, samasamang aagawin, upang salubungin Siya sa papawirin.”

¹⁷¹ Kung ako man ay isang kutsarang abo na, o kung ako man ay buhay pa sa Kanyang pagparito, wala itong kaibahan para sa akin. Amen. Hindi na mahalaga, dahil nakuha ko na ang pangitain. Nahawi na ang tabing, at nakikita ko Siya. Isa na makatatayo, at mahahawakan ng Kanyang kamay ang kamay ko, na isang makasalanang tao, at ang isang banal na Diyos. At Siya ang aking handog na pantubos. Siya ang Salita na tinatayuan ko. “Nang pasimula ay ang Salita.” Siya ang Salitang iyon, at Siya ang kumakatawan sa akin, Doon. Amen. At ipagsisigawan ko ito, hangga’t may hininga ako, “Siya ang aking Muling Pagkabuhay at ang aking Buhay.” At ang lahat ng iba pang mga lupa ay lumulubog na buhangin. Ang lahat ng iba pang mga lupa ay lumulubog na buhangin.

¹⁷² Gaya ng pag-agaw Niya sa kanila na mga nagsisipaghintay para doon, ay gayon din na paparito Siya sa bawat banal ng Bagong Tipan na nanagumpay sa bawat maka-denominasyong kritiko, na talagang nanagumpay na sa lahat ng kilalang mga kasalanan ng araw na ito, ng kapanahunang ito na kinabubuhayan natin ngayon, gaya ng ginawa Niya sa lahat ng iba pang mga kapanahunan ng iglesia, yaong mga nanagumpay sa kapanahunan ng iglesiaang iyon. Yaong mga nagtagumpay sa ano? “Mayaman ako. Wala na akong kailangan pa. Mayroon akong . . . Oh, ako lahat *ito* at lahat *nito*. At ako ang Nobya. Ako’y *ganito*. Wala na akong kailangan pa.’ At hindi nalalaman na ikaw ay hubad, bulag.”

¹⁷³ Nakita n’yo ba ’yang mapandayang kapanahunan na sinabi ko? Hindi ito kagaya nila na pinugutan ng kanilang mga ulo, noon, upang makuha ang puting bato; hindi yaong mga namatay sa ilalim ng mga pagpapakasakit, at mga sinilaban sa mga poste, at mga bagay na gaya n’yan; ang siyang nagkamit ng putong. Kundi ito’y ang mapandayang kapanahunan na ngayon, na nag-aakalang sila na ang lahat-lahat. “Buweno, isa akong kaanib ng iglesia. Isa akong mabuting lalaki. Isa akong mabuting babae. Ginawa ko *ito*. Hindi ko kailangang gawin *Ito*.”

¹⁷⁴ “Datapuwa’t sa magtatagumpay,” sa magtatagumpay sa lahat niyaong mga makamundong bagay ng kapanahunang ito, ano ang gagawin nila? Ang lahat ay mauupo kasama Niya sa Kanyang luklukan; makakasama sa pag-agaw sa Kanyang pagdating. Oh, naku! Ano pa ang aalalahanin ko, kung gayon? Ano pa ang aalalahanin natin anuman ang sabihin ng sanlibutan? Ano pa ang aalalahanin natin anuman ang sabihin ng sinuman? Nasa kalagitnaan natin ang dakilang Espiritu Santo. Pinangungunahan tayo at ginagabayan tayo ng Kanyang Haliging Apoy. Pinatunayan ang Kanyang Salita sa ating harapan. Nasa ating puso ang Kanyang pag-ibig. Nasa

likuran ang sanlibutan. Lumipat na tayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Ang akala ng sanlibutan ay nababaliw ka na.

Subalit si Jesus lamang ba ang nararapat
magpasan nitong krus,
At ang buong mundo'y lumaya?
Mayroong krus para sa bawat isa,
At mayroong krus para sa akin.

¹⁷⁵ Tatlumpu't tatlong taon na sa larangan, at itong itinalagang krus ay aking papasanin hanggang sa palayain ako ng kamatayan.

¹⁷⁶ Biguin man ako ng aking mga kapatid, sabihin man nila ang kahit anong maibigan nila, kung ano ang makapagpapahina ng loob ko. Subalit tatayuan ko ang Salitang *ito*, at Ito lamang.

Itong itinalagang krus ay aking papasanin
Hanggang sa palayain ako ng kamatayan,
At pagkatapos ay Uuwi na, sa Pag-agaw, na
may isusuot na isang putong.

¹⁷⁷ Iyon ang nais nating lahat. Hindi ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Iyan ang nais natin. Iyan ang ating—iyan ang ating pag-asa at samo. Wala nang iba pang pag-iisip ang mayroon tayo, liban doon sa na kay Jesus Cristo. At sa Kanyang katuwiran ay tumatayo tayo, doon lamang, at sa Kanyang katuwiran sa Kanyang Salita. "At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa ating kalagitnaan." At pinatutunayan pa rin ng Salita ang Sarili Nito.

¹⁷⁸ Magtagumpay paano? Sa pamamagitan ng pagtanggap sa Salita, sa pangako, na may kapakumbabaan, na lumalakad na may pagpapakumbaba.

Itong itinalagang krus ay aking papasanin
Hanggang palayain ako ng kamatayan,
At pagkatapos ay Uuwi na, na may isusuot na
isang putong.

¹⁷⁹ Sapagkat, "Kapag tumunog na ang Trumpetang iyon!" Maaari n'yo akong ilibing sa dagat, ngunit gigisingin ako ng Trumpeta. Siyanga. Uuwi na ako, isang araw. Amen. Hanggang sa araw na iyon, ako'y makikipagpunyagi, amen, na pinapasan ang krus na ito; na itinuon ang aking mga mata hindi sa mga tao, kundi doon sa Kalbaryo, sapagkat Siya ang aking halimbawa. Ipinakita Niya kung paano iyon gagawin. At ang Kanyang halimbawa, buong kagalakan nating susundan iyon, araw-araw.

I'm following Jesus each step of the way.
I'm following Jesus each step of the way.

¹⁸⁰ Hindi ba't nais n'yo iyan? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, gaano ko iniisip, ang sumunod sa Kanya, araw-araw, sa bawat paghahabang ng daan.

Manalangin tayo.

¹⁸¹ Panginoong Jesus, isang oras at labinlimang minuto na ngayon, na nakatayo dito, na sinisikap na gamitin ang Iyong Salita at ipaliwanag sa mga tao kung papaano makapananagumpay. Sinabi Mo po sa amin kung paano ito gawin. Hindi Mo lamang sinabi sa amin, kundi ipinakita Mo kung paano ito gawin. Ginabayan Mo po kami. Ipinakita Mo sa amin kung papaano ito gawin: tanggapin ang Salita sa kaibuturan namin, at tiyakin na makapanghahawakan sa Salitang iyon, “Nasusulat,” sa bawat pagtukso; ngunit maging mapagpakumbaba, lumakad nang may pagpapakumbaba. Kung gayo’y nagtagumpay na kami, sa pamamagitan Mo, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan na siyang gumapi na sa aming kaaway. At ang tanging bagay na nararapat naming gawin ay—ay ang lumakad lamang nang may pagpapakumbaba kalakip ang pananampalataya, na sumasampalataya Doon, at ang tanda ng aming pagkakakilanlan ng Banal na Espiritu, at tiyak na lilisan na si Satanas.

¹⁸² May mga panyong nakalapag dito. Ikinakatawan ng mga ito ang mga taong may sakit. Nangangailangan po sila, Panginoon. At nabasa nila dito sa hindi nabibigong Salita kung saan kanilang kinuha mula sa katawan ni San Pablo ang mga panyo at mga tapi. Ipinatong ang mga iyon sa mga taong may sakit. Ang masasamang espiritu ay nagsilisan sa kanila, at naisagawa ang mga dakilang himala. Ngayon, Ikaw ang siya pa ring Panginoong Jesus, sa araw na ito.

¹⁸³ Ipinangaral ni Pablo ang Salitang ito, at isinulat ang Salitang ito, ang siya ring Salita na sinisikap naming sundan. Dahil, kinuha niya ang Lumang Tipan at sinundan ito, at ipinakita na isa itong tipo, na ang buong Lumang Tipan ay isang sakdal na tipo ng Bago. O Panginoon, sundan nawa namin ang halimbawang iyon.

¹⁸⁴ Nakita namin ang aming Panginoon, kung ano ang Kanyang ginawa. At napagtanto namin na, yaong mga banal ng Lumang Tipan, sa umagang ito, aming natuklasan na pumaroon nga sila. Nang magbangon si Jesus, ay sumama sila sa Kanya. At, Panginoon, sumasampalataya kami na paroroon kami kapag Kanya nang pinatunog ang Trumpeta. Sinasampalatayanan po namin ito, na ang Nobya ay paroroon sa Araw na iyon at makakasama ng—ng Hebreong pangkat Nito, at, sama-sama, magkakaroon ng isang Hapunan ng Kasalan sa Kaluwalhatian. Nangaghihintay na ang mga iyon.

Dalangin namin ngayon ang Iyong habag at biyaya sa amin. Mga mananagumpay, Panginoon, mga mananagumpay, ang hangad po naming maging. Managumpay Ka sa amin. Panginoong Jesus, napagtagumpayan Mo na ang sanlibutan. Dalangin ko ngayon na ipahintulot Mo na ang bawat taong

naririto, sa umagang ito, ay “Itabi ang bawat pagkakasala, itabi namang walang liwag ang bawat pasaning pumipigil sa amin, upang aming takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa aming harapan.”

¹⁸⁵ Ipinangusap ito ni Pablo, aming Makalangit na Ama, doon sa Aklat ng Mga Hebreo, na, “Nararapat naming itabing walang liwag ang bawat pasanin,” yaong ika-12 kabanata, na kanyang ipinangusap ito, matapos niyang maipakita na sa pamamagitan ng halimbawa, doon: yaong mga nagpatuloy; yaong mga hindi nagpatuloy; yaong mga malahininga sa pagsunod; yaong mga sumunod doon sa unahan; yaong mga nanatili sa hulihan. Oh! Ipinakita niya ang mga halimbawa. Pagkatapos siya ay bumaling at nagsabi, “Itabi nating walang liwag ang bawat pasanin, ang bawat mumunting bagay na pumipigil sa atin, upang ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin; na minamasdan Siya, na gumawa at sumakdal ng ating Pananampalataya, na Siyang nagbigay ng halimbawa sa atin.” Ginagawa po namin iyon sa umagang ito, Ama.

¹⁸⁶ Ngayon, habang nakayukod ang ating mga ulo, suriin ngayong mabuti, nang talagang, mabuting-mabuti. At, pagkatapos, ay maging tunay na tapat sa kaibuturan. Ito lamang—kailangan lamang nito... Iyan lamang ang kinakailangan nito: ang iyong pagsusuri at ang iyong katapatan. Maging lubhang maingat habang kayo’y nagsusuri ngayon. “Siyasatin ako, Panginoon. Subukin ako. May kasamaan ba sa akin? Kung mayroon nga po, Panginoon, hayaang maibaba ko ito, dito mismo ngayon. Ang lugar na ito, kung saan ako nakayukod, ay ang Iyong altar. Ibinababa ko ito, dito mismo ngayon, itinatapak ang aking mga paa rito. Kapag ako’y umalis na, ito’y mananatili doon. Tutupukin ito ng kapangyarihan ng Iyong Dugo. Nais ko pong maging mananagumpay. Mayroon akong isang bagay na bumabagabag sa akin, Panginoon. Nais kong magtagumpay, sa umagang ito. Magagawa ko, sa pamamagitan Mo. Nasabi na sa akin iyon, sa pamamagitan ng Iyong Salita. Ibinababa ko na ito ngayon, Panginoon, at inilalapat ang aking mga paa dito. Sa paglabas ko sa gusaling ito ngayong umaga, ay yayaon, na nalalamang inilagay na ito sa—sa batya ng kulahan ng Diyos. Hindi na ito kailanman matatandaan pa. Ipahahayag ko na ito ngayon at hihiling ng habag.”

¹⁸⁷ Habang nakayukod ang ating mga ulo, nakapikit ang ating mga mata; nagmumuni-muni ang ating mga puso, iyan ang pintuan sa kaluluwa ngayon. Mayroon bang isang bagay na nais ninyong isantabi sa umagang ito, isang bagay na nais ninyong mapagtagumpayan? At talaga namang pinagsumikapan mo na ito, ngunit, sa umagang ito, hihinto ka na lamang sa kasusubok. Tatanggapin mo na lamang kung ano ang Kanyang ginawa. Nais kong itaas n’yo lamang ang kamay ninyo, sabihin, “Panginoon,

nais kong magtagumpay. May isang bagay na bumabagabag sa akin.”

¹⁸⁸ Panginoong Jesus, nakikita Mo po ang mga kamay na iyan. Ngayon, bilang Iyong lingkod, na nakatayo sa pagitan ng mga buhay at mga patay, hinahatulan ko ang lahat ng bagay na bumabagabag sa mga taong ito at sa sarili ko. At hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, magagawa naming iwan itong nakalapag dito sa altar ng Diyos, at umalis sa umagang ito, nang malaya, bilang mga mananagumpay.

¹⁸⁹ Kung hindi pa nagkaroon ng biyaya noon ang aming mga kapatirang babae, ipagkaloob na nawa ito ngayon, Panginoon. Kung hindi pa nagkaroon ng biyaya ang aming mga kapatirang lalaki, ipagkaloob na nawa ito ngayon. At nawa, sa kapakumbabaan, ang ina kasama ang kanyang mga anak, sa halip na maging mapagmataas. Nalalaman niyang nakaupo siya. . . Isa siyang mangangaral sa kanila na mga mumunting bata. Isang halimbawa ang kanyang buhay. Si tatay ay isang halimbawa kay nanay, sapagkat siya ang ulo ng tahanan. Pinipilit ng ina na pangunahan siya; hindi na niya ito gagawin pa. Kung ginagamit naman ng lalaki ang babae bilang basahan ng paa, hindi na ito muli pang gagawin. Ang babae ay isang katuwang. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Nawa’y ang lahat ng mga bagay na ito na humahadlang sa amin, Panginoon, ay maalis na.

¹⁹⁰ Kami—aming iniaalay ang aming mga sarili, Ama, sapagkat anong panahon na ng buhay ang nasa aming unahan, na natatalastas ito, na kailangan na naming humantong sa wakas nito, at iyan ay malapit na. Kaya, sa umagang ito, sinasamantala po namin ang pagkakataong ito, pagkatapos ng Mensaheng ito. Sinasamantala namin ang pagkakataon, Panginoon, para lumapit, dahil kami ay inaanyayahang lumapit. “Ilagak ninyo sa Kanya ang inyong kabalisahan, sapagkat Siya’y nagmamalasakit sa inyo.” Alam kong nagmamalasakit Ka, Panginoon. Nagmamalasakit Ka nang labis upang mamatay para sa amin. At tiyak ngang nagmamalasakit kami nang labis upang lumapit at tanggapin ang Iyong pinagbuwisan ng buhay.

¹⁹¹ Pakabanalin Mo po kami, Panginoon. Muli kaming puspusin ng Espiritu Santo. Ang Banal na Espiritu nawa ay sadyang maghari sa aming mga puso, nang lubusan, na kami’y lalakad, na kinalilimutan na ang mga bagay ng nakaraan, ang dumi at putik na minsan naming pinanahanan. Magtutumulín kami sa hangganan ng dakilang pagtawag, kung saan lubos na makapagniningning ang aming mga Liwanag sa pagiging magiliw at pagiging mapagpakumbaba, hanggang sa ang bawat dumadaan ay makapagsabi, “May isang Cristianong nakatira doon sa burol na iyon. Ang taong iyon, ang babaeng ’yon, ang lalaking ’yon, ay isang tunay na inihandog na bulaklak ng Diyos. Napakagigiliw at napakabubuti nila, laging mapagmahal

at magiliw, at maunawain.” Ipagkaloob po ito, Ama. Nawa’y maging maalat kami, upang mauhaw ang lupa; ipagkaloob po ito, Ama; at mapagtagumpayan ang mga bagay ng sanlibutang ito, at ang mga alalahanin ng buhay na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I can . . .

Ngayon ay itaas lamang natin ang ating kamay.

. . . Saviour . . .

Tumatawag para sa ano? “Tumaas ka, mula sa putik.” Isang mas mataas na Buhay; May kung ano sa inyo, na humahatak sa inyo sa gawing iyon. Ano iyon? Siya iyon. Doon sa putik, mumunting bulaklak; mayroon kayong Buhay doon, na nagtutulak sa inyo. Iyan ang tumatawag sa inyo, “Tumaas ka, mula sa putik.”

Follow, follow . . .

¹⁹² Ngayon, totoo ba ito sa inyo? Ipikit ninyo ngayon ang inyong mga mata.

Where He leads me I will fol- . . .

Isuko ninyo ngayon ang inyong sarili. Totohanin n’yo iyon, ngayon.

Where He leads me I will follow,
Where He leads me I will follow,
I’ll go with Him, with Him, all the way.
Where He leads me I . . .

Sadyang magiliw ngayon. Alalahanin, ihimlay ninyo doon ang inyong sarili.

He leads . . .

“Ilalagap ko ito dito, Panginoon. Susunod na po ako sa Iyo, mula ngayon. Tinatanggap ko Ito. Sinasampalatayanan ko Ito.”

Where He leads . . .

Alalahanin, higit na magpapatotoo ang inyong buhay kaysa sa inyong bibig. Higit na magpapatunay ang pamumuhay ninyo sa mga tao kaysa sa sasabihin ninyo.

Go with Him, with Him, (daan, saan?) all the way.

[Sinisimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Where He Leads Me*—Pat.]

¹⁹³ Ihandog lamang ang inyong sarili, nang lubos, nang tapat, nang buong puso ninyo. Paano kung ito na ang huling pagkakataon na pahihintulutan kayong makapanalangin? Maaaring ganoon. Sana naman ay hindi. Maaaring ganoon. Kung gayon, tiyakin na ngayon, nang talagang tiyak, na tiyak talaga. Tandaan, magsasara ang pintuan, isang araw,

pagkatapos ay tapos nang lahat ito. “Humingi, kayo’y makakatanggap.”

[Sinisimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Where He Leads Me—Pat.*]

¹⁹⁴ Isipin lamang ang lahat ng kaluwalhatiayang iniaalok Niya sa inyo, ang lahat ng Kanyang ginawa. “Sumasampalataya po ako, Panginoon. Sumasampalataya ako. Sumasampalataya ako na Ikaw ang aking mananagumpay. Lalakad na lamang po akong kasama Mo, Panginoon. Nais kong manatiling malapit sa Iyo, na kung nasaan Ka man, nanaisin kong pumaroon.”


¹⁹⁵ At alalahanin, Iyong sinabi sa amin, Ama, na, “Makakapiling namin magpakailanman ang Panginoon, kapag inagaw na kami.” Kakakaroon lamang namin ng isang—ising sulyap sa Kanya ngayon, habang lumalakad Siyang kasama namin ngayon. Subalit gayun man kami’y . . . Anong dakilang bagay nito, na malaman lamang na Siya’y nasa aming—aming kalagitnaan! Gaano pa kaya ito kapag nakasama na namin Siya magpakailanman? Gustong-gusto po namin ang aming mga gawain: makapangangabayo kami; makapamimili kami; makapangangaso kami, makapamimingwit, o anumang ikinalulugod naming gawin. Subalit, oh, kapag nagbukas na ang bahay-sambahan, kita n’yo, ibig naming makatagpo ang aming Panginoon. Iyon ang pinakadakila sa lahat ng mga bagay. Kung gayon, ang isipin, na nangako Siya sa amin. “At magpakailanman ay makakasama na ang Panginoon. Uupong kasama Niya sa Kanyang luklukan, at makakasama Siya magpakailanman.” O Diyos, nagpapakumbaba po kami, na—na nakayukod ang aming mga ulo, tinatanggap namin ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁹⁶ Nadarama n’yo ba na sadyang magagawa ninyong iwan na, ngayon, ang lahat, ang bawat kabigatan? Sadyang makalalakad na kayo, sa ibabaw nito ngayon? Kung ganoon nga, itaas ang inyong kamay, sabihin, “Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay inilalapag ko na ang pagsubok na ito. Hindi ko na ito lalabanan, pa. Hahawakan ko na lamang ang Kanyang kamay, at magsisimula na sa paglakad.”

“Nakipagbuno na ako, Kapatid na Branham. Sinikap kong itigil ang paninigarilyo. Ako—sinubukan ko nang pahabain ang buhok ko. Sinubukan ko nang gawin ang *ganito*. Ginawa ko . . . sinikap ko na, nang lubos, Kapatid na Branham. Hindi ko talaga magawa iyon.”

Huwag na itong pilitin, pa. Hawakan na lamang ang Kanyang kamay, sabihin, “Ama, ipasok Mo po ang kamay ko sa manggas.” Kita n’yo? “Ibibigay ko na lamang sa Iyo ang aking kamay. Magpapatuloy po ako sa paglalakad, Panginoon, nang nakatingin sa Iyo.” Mangyayari ito. Bibihisan kayo nito na gaya ng isang tunay na Cristiano. Magiging tunay kayong Cristiano.

¹⁹⁷ Hanggang sa makita ko kayo, mamayang gabi, mahal kayo ng Diyos at pasasa inyo. Mga anak ko kayo sa Ebanghelyo. Kayo ang mga tinubos.

Ngayon ibinibigay ko nang muli sa inyo ang pastor ninyo, para sa pagpapalabas, Kapatid na Orman Neville. 

PAANO BA AKO MAKAPANANAGUMPAY? TAG63-0825M
(How Can I Overcome?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 25, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org